# Ang Pagpili Ng Nobya

Los Angeles, California USA

Abril 29, 1965

1 . . . Napakaraming taong maysakit at hindi ko sila mapuntahang lahat nang sabay-sabay. Totoong nagagalak akong muling maparito sa napakagandang auditorium na ito at makasama ang napakainam na kalipunan ng mga taong ito. At habang pumapasok kami rito ilang sandali pa lamang ang nakararaan — may mga taong nakatayo roon sa lansangan at ang sabi nila ay hindi raw sila makapasok. At ang sabi ko, "Buweno, baka sakaling maikuha ko kayo ng lugar," at ayaw nila silang papuntahin dito. Kaya't ikinalulungkot ko na wala na tayong sapat na lugar para sa kanila. Ang sabi nila ay puno na rin ang basement, kaya't lubos naming ikinalulungkot iyan. Ngunit nagagalak kaming maparito at makita ang napakainam na lupon ng mga ministro, pati na ang mga negosyanteng ito, at lahat ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa.

2 Nagkaroon ako ng isang malaking pribilehiyo na makapangusap kaninang umaga at itinuturing kong isang malaking karangalan ang makapangusap sa ganoong kainam na kalipunan. At ang paksa ko ay tungkol sa, Hindi Kasamang Magmamana ng Trigo ang Ipa. Hindi ko iyon natapos at hindi iyon kasalanan ng kapatid natin. Sinikap niyang mapapayag ang tagapamahala na pagtagalin pa kami ng kaunti, ngunit talagang ayaw niyang pumayag. At totoong pinahahalagahan ko iyon, Brother Demos. Napakabuti ng ginawa mong iyon. Tunay na pinasasalamatan kita sa iyong kabutihan, ang bawat isa sa inyo. Ngunit talagang ayaw nila kaming payagan kaya napilitan na lang kaming magsara. Kukunin ko na lang iyong muli sa ibang pagkakataon upang matapos ko iyon. Hindi Kasamang Magmamana ng Trigo ang Ipa. Naunawaan ba ninyo iyon — kayo na nagsidalo roon? Umaasa akong sapat ang nasabi ko upang maunawaan ninyo.

3 Ngayon, alam kong sa gabing ito ay mayroon ding panel [Ang tinutukoy ni Brother Branham ay ang panel ng tanong at sagot tungkol sa Bautismo ng Espiritu Santo na itinataguyod ng Full Gospel Businessmen na ipinalabas sa telebisyon sa Los Angeles kasabay ng pangangaral ng Mensaheng ito -Ed.] kaya't ayaw kong pagtagalin kayo rito nang husto at baka hindi n'yo iyon mapanood, sapagkat sa palagay ko ay isang bagay iyon na maipagmamalaki ng mga mananampalatayang Pentecostal — ang panel na napanood natin noong isang gabi. Napakainarn na kalipunan iyon ng mga kalalakihan at napakagaganda ng mga sagot nila — tuwiran. Gumanda ang pakiramdam ko nang mapanood ko iyon, at umaasa akong pagpapalain iyon ng Panginoon sa gabing ito, sinuman ang mga manonood, nawa ay manampalataya sila. lyan ang tapat kong dalangin.

4 Kaya't maraming ulat ang dumating ngayon mula sa . . . sa koreo at sa pamamagitan ng tawag tungkol sa napakaraming taong gumagaling sa gawaing ito. Nagagalak akong malaman iyan. Ang makita ang mga taong maysakit . . . iyan ang lingkuran ko. Papanhik ako rito at mangangaral (alam n'yo namang hindi ako mangangaral) taglay ko ito, ang pananalita kong Kentucky — ang aking his, ain't at lahat ng mga salitang iyon, kaya't hindi ko masasabing ito ang tinatawag na modernong mangangaral ng araw na ito. Hindi ako pupuwede ro'n dahil wala akong pinagaralan. Ngunit nais kong ipahayag kung ano ang nalalaman ko tungkol Dito sa ibang tao — kung paano ko itong natutunan, kung ano Siya sa akin. Siya ang buong buhay ko, at lahat ng maaari ko pang asahan, at higit pa kaysa sa inakala ko ... na halos wala akong naging kaibigan, dito sa ibabaw ng lupa, noong bata pa ako. Datapuwat tunay na nagpapasalamat ako dahil sa mga mabubuti kong kaibigan ngayon. [May nag-usap tungkol sa public address system -Ed.]

5 Ngayon, para makapagsimula kaagad tayo, dumako tayo sa pagbasa ng ilang Kasulatan. Gusto kong laging binabasa ang Biblia dahil Ito ay Salita ng Diyos. lyan ang paniwala ko at naniniwala ako na Ito ang walang kabiguang Salita ng Diyos. At ngayon ay may ilang Kasulatan akong isinulat dito sampu ng ilang mga isinulat ko rito na nais kong tukuyin sa loob ng ilang saglit — marahil ay sa loob ng apatnapu't limang minuto, pagkatapos ay makalalabas na tayo para mapanood nating muli ang mahusay na panel na iyon ngayong gabi. At umaasa akong patuloy kayong pagpapalain ng Diyos hanggang sa matapos tayo. Alam ko kung ano ang kailangan ninyong gawin at ako man ay kailangan ding magmaneho pa patungo sa Tucson ngayong gabi, kita n'yo. Kaya't isip-isipin na lang ninyo. Sampung oras na pagmamaneho iyon. At mangingibang bansa ako, at kailangan kong magpaturok para sa yellow fever, susuriin ako kinaumagahan sa pamahalaan, kaya't kailangan kong magpunta roon. Ipinagpaliban ko iyon noong isang araw, at hindi na sila papayag na muli pa iyong ipagpaliban ngayon. At kailangan ko pang magpaturok ng tetanus at typhus, pati na ang mga booster

na kailangan nilang iturok sa akin.

6 Kaya, nagpapasalamat ako sa pagkakataong ito, at ang magandang gawaing naidaos natin bago sumapit ang convention, tunay na nakapagdulot ito ng galak sa puso ko. Isa kayong napakainam na kalipunan ng rnga tao at umaasa akong pagpapalain kayo ng Diyos. At kapag dumating ang dakilang oras na iyon . . . Ang dambuhalang halimaw na iyon na nakahimlay doon at bumalikwas sa Alaska, ilang araw pa lamang ang nakararaan, muli na naman nitong ikinawag ang buntot nito kaninang umaga sa gawing Washington. Maaaring magtuluy-tuloy iyon dito.

At kung titiyakin sa akin ito ng Espiritu Santo . . . Ilan sa inyo ang matagal nang nagtatanong sa

akin niyan, "Mangyayari ba iyon dito, Brother Branham? Ngayon, hindi ko alam iyan. Hindi ko talaga alam, at hanggang sa malaman ko . . . Iyan ang Katotohanan. Noon pa man ay nais kong laging maging tapat sa inyo. Hindi ko magagawang magsapantaha, o kumuha ng kung anong mga kaisipan, o ng kung anong . . . paniniwala ko o anumang bagay na gaya no'n. Kapag sinabi ko sa inyo, Iyon ay magkaka . . . Buweno, kailangan munang sabihin Niya sa akin, saka ko pa lang masasabi sa inyo. Alam kong ang buong mundo ngayon ay nasa nakatatakot na kalagayan; narito na tayo sa panahon ng wakas. Ngunit may isang bagay na noon pa man ay pinagsisikapan kong . . .

7 Ikinukuwento ni Brother Shakarian kaninang umaga kung paanong nagpupunta siya sa pila ng panalangin at yumuyuko siya upang abutin ang mga card bago umakyat ang mga tao, at tinitingnan niya ang mga iyon, at tinitingnan niya kung masasabi ko sa kanila kung ano ang mga isinulat nila roon. Kung anu-ano ang isinusulat nila sa kanilang mga prayer card, alam n'yo, at gusto niyang malaman kung tama iyon. Ang sabi niya, sa daan-daan daw na sinuri niya, ay walang nagkamali kahit isa. Wala talagang kahit isang magkakamali, kita n'yo, sapagkat ito'y . . . kung ang Diyos ang nagsasabi niyon. Kung isasali ko ang sarili ko ro'n, kung gayon ay mali na kaagad iyon sa simula pa lang.

May isang batang babae at ang ama niya ay nakikinig sa akin ngayon na nagpunta sa akin hindi pa kalaunan. May napanaginipan siya.

Ang sabi niya, "Brother Branham, ano ang kahulugan ng panaginip na iyon?" Ang sabi ko, "Ewan ko, sister. Aalamin ko kung sasabihin sa akin ng Panginoon." Kaya't tinanong ko ang Panginoon, at hindi Niya sinabi sa akin. Kaya't nagbalik ang batang babae;

ang sabi niya, "Buweno ngayon, nasaan na ang pagpapaliwanag ng panaginip ko?"

Ang sabi ko, "Halika rito, anak, at maupo ka." Ang sabi ko, "Matalik na kaibigan ko ang iyong ama't ina, kita mo, at naparito sila mula pa sa Canada, nagretiro sila at nanirahan sila ritong kasama ko. Pinaniniwalaan nila ang sinasabi ko at hindi pa ako nagsalita ng anumang bagay na hindi tama kahit kanino, nang sinasadya ko, sa tamang buhay ko. Kung . . . sa palagay ko'y alam ko kung ano ang kahulugan ng panaginip mo, ngunit malibang makita ko mismo ang panaginip, at sabihin Niya sa akin ang kahulugan niyon, ay hindi ko magagawang sabihin iyon sa iyo. Kita mo, kung kakatha lang ako ng isang bagay, baka dumating ang oras na kailanganin mo ako at nakabingit ka sa pagitan ng buhay at kamatayan, pagkatapos ay hindi mo alam kung dapat mo ba akong paniwalaan o hindi."

8 Kung may sasabihin ako sa inyong anuman sa Pangalan ng Panginoon, iyon ay totoong . . . Siya ang nagsabi sa akin nito.

At hanggang ngayon, sa loob ng napakaraming taong ito, sa buong mundo at sa palibot ng mundo, hindi pa iyon namamali kahit minsan, sapagkat . . . Ngayon, alam n'yong ang isang tao ay hindi maaaring maging walang kabiguang tulad niyan. Kakailanganin ang Espiritu ng Diyos para magkagano'n.

At ngayon, may Mensahe akong kailangan kong panagutan. At maraming beses na ang tingin sa akin ng mga tao (buweno, marahil ay mga tao iyon na hindi muna nauupo upang mag-isip sandali) ako raw ay isang . . . oh, isang masamang tao, na galit ako sa mga tao at lagi ko na lang silang kinagagalitan. At hindi totoo iyon. Hindi totoo iyon. Mahal ko ang mga tao.

Ngunit alam n'yo, ang pag-ibig ay nagtutuwid.

9 Kung nakaupo ang anak mong lalaki doon sa kalsada, at sabi mo, "Junior, mahal ko, ayaw kong pupunta ka roon, ngunit . . ." at humahagibis ang mga sasakyan sa tabi niya, at ipapasok mo siya, at tatakbo uli siyang palabas. Aba, dapat mo siyang ituwid. Kung totoong mahal mo siya, itutuwid mo siya. Kung kailangan mong . . .

Kung makakakita ka ng isang taong nakasakay sa isang bangkang inaanod ng agos ng ilog patungo sa isang talon, at alam mong lulubog ang bangkang iyon pag nahulog iyon sa talon, ganito ba ang sasabihin mo, "John, marahil ay dapat kang mag-isip sandali. Baka hindi ka makaligtas." Kung alam kong hindi siya makaliligtas, hahablutin ko agad siya palabas ng bangkang iyon, kung maaari, sapagkat pag-ibig ang nagbubunsod sa iyo.

10 At ngayon, sa mga mensaheng ipinangangaral ko, hindi ako naglalabas ng doktrina, at iba pa. Ginagawa ko iyan sa sarili kong iglesia. Ngunit dito sa labas, sa mga lalaki't babaeng ito na galing sa iba't-ibang denominasyon, at iba't-ibang kaisipan, sinisikap kong babawan ito, at saka ko ipinaliliwanag, ngunit sapat lang upang kung ika'y isinilang ng Espiritu ng Diyos, naniniwala akong mauunawaan mo kung ano ang ibig kong sabihin sa mga taong Cristiano — Metodista man, Baptist, Presbyterian at iba pa.

11 Ngayon sa gabing ito, nais kong dumako sa ika-24 na kabanata ng Genesis, at nais kong magbasa simula sa ika-12 talata ng ika-24 na kabanata ng Genesis.

At sinabi, Oh Panginoon, Dios . . . aking panginoong si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong

pagkalooban mo ako ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang loob sa aking panginoong kay Abraham.

Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig: at ang mga anak na babae ng mga tao sa bayan, ay nagsilabas upang umibig ng tubig:

At mangyayari nga na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paiinumin ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong naggandang loob ka sa — sa aking panginoon.

12 At sa Aklat ng Apocalipsis . . . Iyon ang pasimula ng Biblia — ang Genesis. Ngayon naman ay sa hulihan ng Biblia, nais kong basahin sa ika-24 na kabanata ng Apocalipsis at sa ika-9 na talata. Alam natin kung ano ang tinutukoy ng Kasulatang ito rito sa Genesis . . . Basahin ninyo ang buong kabanata kung nais n'yo. Isinugo ng Diyos si Eliezer . . . o isinugo ni Abraham si Eliezer (ipagpaumanhin n'yo) upang mamili ng isang nobya para kay Isaac. At lumabas ang magandang si Rebekah bilang sakdal na katugunan sa panalangin ni Eliezer, na alipin ni Abraham, na katatapos pa lamang manalangin.

Ngayon sa ika-9 na talata, ng ika-21 talata ng Apocalipsis:

At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, na mga puno ng pitong huling salot; at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika, ipakikita ko sa iyo ang babaing kasintahan, ang asawa ng Cordero.

13 Ngayon, nais kong talakayin bilang paksa sa gabing ito buhat diyan ang: Ang Pagpili ng Nobya. At ito ay . . . kung ang kapatid kong ito na nagrerekord nito ay . . . Ito ang teyp na maaari mong ipalabas. At ngayon, hindi nangangahulugang ipinangungusap ko ito para lamang sa kongregasyong naririto ngayon, ngunit makararating sa buong mundo ang teyp na ito. Isinasalin ang mga ito sa halos — oh, napakaraming iba't ibang wika, maging sa lupain ng mga hiteno sa buong mundo. Pinadadala namin ang mga teyp na iyan nang walang bayad sa pamamagitan ng isang kapisanan ng iglesia, at isinasalin ang mga ito sa mga kagubatan ng Africa, at sa India, at sa buong mundo ay makararating ang mga teyp na ito.

Ngayon. Ang Pagpili ng.Isang Nobya.

14 Sa napakaraming bagay sa buhay ay binigyan tayo ng pagkakataong mamili. Maging ang paraan ng pamumuhay ay isang pagpili. May karapatan tayong gumawa ng sarili nating pamamaraan, mamili ng sarili nating paraan ng pamumuhay. Ang edukasyon ay isang pagpili. Maaari nating piliing mag-aral o kaya'y huwag mag-aral. Iyan ay isang pamimiling maaari nating gawin. Ang tama at mali ay isang pamimili. Bawat lalaki, bawat babae, batang lalaki o babae, ay kailangang mamili kung mamumuhay sila ng tama o mamumuhay sila nang hindi tama. Ito'y isang pagpili. Ang kalayaang mamili ay isang napakagandang bagay.

Ang iyong kahahantungan sa walang hanggan ay isang pagpili, at marahil sa gabing ito, ang ilan sa inyo ay nakatakdang mamili kung saan ninyo gugugulin ang walang hanggan — bago matapos ang gawaing ito ngayong gabi. Darating ang isang pagkakataon na . . . maaaring ilang ulit mo nang tinanggihan ang Diyos, ngunit darating ang isang pagkakataon na tatanggihan mo Siya sa huling pagkakataon. May guhit na naghihiwalay sa awa at kahatulan, at magiging mapanganib para sa isang lalaki o babae, sa isang batang lalaki o babae ang tumawid sa guhit na iyon, sapagkat hindi ka na makababalik pang muli kapag tinawid mo ang guhit ng kamatayang iyan. Kaya't sa gabing ito, marahil ay ito na ang oras upang magpasiya ang marami sa inyo kung saan ninyo gugugulin ang walang katapusang eternidad.

15 Mayroon pa tayong isang pinipili sa buhay na ito. Iyon ay ang makakasama natin sa buhay. Ang isang binata o dalaga na papasok sa buhay ay may . . . ay pinagkalooban ng karapatang mamili. Mamimili ang binata, ang dalaga naman ay may karapatang tanggapin siya o kaya naman ay tanggihan siya, ngunit kailangan pa ring mamili ang magkabilang panig; kapuwa ang lalaki at babae, mayroon silang karapatang mamili.

Gayon din naman, mayroon din kayong karapatang mamili bilang mga Cristiano. Maaari kayong mamili ng isang iglesia dito sa America na inyong mapagsisimbahan. Iyan ay pribilehiyo ng isang Americano na taglay mo, ang makapamili ka ng anumang iglesiang nais mong kabilangan. Datapuwat kung nais mong lumipat mula sa Methodist, tungo sa Baptist, o mula sa Catolico tungo sa Protestante, at sa iba pa, walang maaaring magsabi sa iyo o maaaring pumilit sa iyo na pumunta ka sa alin mang iglesia. Iyan ay kalayaan natin. Kaya nga may demokrasya tayo. Makapamimili ang sinumang tao para sa kaniyang sarili — kalayaan sa relihiyon, at isa iyang dakilang bagay. Tulungan nawa tayo ng Diyos na ingatan ito hangga't makakaya natin.

16 Maaari ka ring mamili kung . . . kapag pinili mo ang iglesiang Ito, maaari kang mamili sa iglesiang ito

kung ika'y . . . kung ang pipiliin mo ay isang iglesiang aakay sa iyo patungo sa iyong walang hanggang hantungan. Maaari mong piliin ang isang iglesiang may hinahawakang isang uri ng kredo — kung sa palagay mo ay ang kredo ngang iyon ang hinahanap mo; o mayroon din namang kredo ang ibang iglesia. At nariyan din naman ang Salita ng Diyos na maaari mong piliin. Kailangan mong pumili. Mayroon tayong batas na hindi nakasulat at iyon ay ang kalayaang pumili.

Wari ko ay si Elias iyon sa tuktok ng Bundok ng Carmel pagkatapos ng paghaharap na iyon sa isang dakilang oras ng krisis na atin ngayong tatalakayin. At marahil, ikaw o ako sa gabing ito, ang kailangang mamili tulad ng nangyari sa Bundok ng Carmel. Ang totoo, sa palagay ko'y nagaganap ito sa buong mundo ngayon.

Datapuwat malapit nang dumating ang oras kung kailan ay dapat kang mamili;

17 At kayong mga lalaking naririto na kasapi ng inyong mga iglesiang denominasyon, basta't paniwalaan lang ninyo ito, na nalalapit na sa inyo ang oras kung kailan ay mamimili kayo. Kung hindi kayo sasapi sa Pandaigdigang Konseho ay hindi na kayo maaaring magpatuloy na isang denominasyon. Kakailanganin ninyong gawin iyan at ang pagpiling iyan ay malapit nang mangyari. At mapanganib na hintayin pa ninyo ang huling oras na iyon, sapagkat maaaring makakuha pa kayo ng isang bagay na maaaring pagdating ng panahon ay hindi n'yo na kayang iwaksi. Alam n'yo, may panahon ng pagbibigay babala, at kung tatawirin ninyo ang guhit ng babalang iyan, ay matatatakan na kayo sa kabilang panig — may tatak na kayo.

18 Alalahanin n'yo na pagsapit ng taon ng Jubileo, ang saserdote ay mangangabayo dala ang kaniyang pakakak, patutunugin iyon upang ihudyat na ang bawat alipin ay maaari nang lumaya, ngunit kung tatanggihan niya ang kaniyang kalayaaan, ay kailangang dalhin siya sa isang poste upang butasan ang tainga niya ng isang bakal na pambutas, at pagkatapos nito ay paglilingkuran niya ang panginoon niya magpakailan man. At sa tainga niya iyon inilalagay bilang katipo ng pakikinig. Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig. Narinig niya ang pakakak, ngunit ayaw niyang pakinggan iyon.

At kadalasan, naririnig ng mga lalaki at mga babae ang Katotohanan ng Diyos at nakikita nilang nabibindika ito at napatutunayan, ngunit ayaw pa rin nila Itong pakinggan. Mayroon pang ibang kadahilanan. Mayroon silang ibang pagpiling ginagawa maliban sa harapin ang katotohanan at ang mga tunay na pangyayari. Kung kaya't maaari nang ipinid ang mga tainga nila sa Ebanghelyo. Hindi na nila Iyon muli pang mapakikinggan. Ang payo ko sa inyo, kapag nangusap ang Diyos sa inyong puso, kumilos na kayo kaagad.

Binigyan sila ni Elias ng kalayaang pumili at ang sabi, "Piliin ninyo sa araw na Ito kung sino ang paglilingkuran ninyo. Kung ang Diyos ay Diyos, paglingkuran n'yo Siya; Kung si Baal ang Diyos, paglingkuran n'yo siya."

19 Ngayon, makikita natin na ang lahat ng mga bagay na natural ay katipo ng mga bagay na espirituwal gaya ng natalakay natin sa aralin natin kaninang umaga — katulad ng araw at ng kalikasan nito. Iyon ang aking unang Biblia. Bago pa ako makabasa ng isang pahina Biblia ay alam ko na na may Diyos. Sapagkat ang Biblia ay nakasulat sa buong kalikasan, at ito'y umaayon sa Salita ng Diyos: Kung paano ang kamatayan, libing, at muling pagkabuhay ng kalikasang ito, at ang araw ay sumisikat, tumatawid, lumulubog, namamatay, muling sumisikat — napakaraming bagay tungkol sa kalikasan na maaari nating pagtipuhan sa Diyos ang kailangan nating laktawan para sa mensaheng ito.

20 Ngayon kung ang espirituwal . . . o ang natural ay katipo ng Espirituwal, kung gayon ang pagpili ng nobya sa natural ay katipo ng pagpili ng nobya sa Espirituwal. Ngayon napakahalagang bagay ang pagpili ng isang asawang babae, ang isang lalaki . . . sapagkat ang sumpaan dito ay hanggang sa paghiwalayin tayo ng kamatayan. Ganiyan ang dapat na ginagawa ninyong pag-iingat diyan. At ginagawa mo ang panunumpang iyan sa harap ng Diyos na tanging kamatayan lamang ang makapaghihiwalay sa inyo.

At sa palagay ko ay dapat nating . . . ang isang lalaking nasa tamang katinuan na naghahanda para sa kaniyang kinabukasan, ay dapat maging totoong maingat sa pagpili mapapangasawa; mag-ingat kayo sa ginagawa ninyo. At ang isang babaeng namimili ng isang asawang lalaki o ng pagtanggap sa lalaking mapapangasawa, ay dapat na totoong mag-ingat sa kaniyang ginagawa lalong-lalo na sa mga araw na ito. Dapat ay mag-isip munang mabuti ang isang lalaki at manalangin bago siya mamili ng mapapangasawa.

21 Sa palagay ko, sa araw na ito, kaya napakaraming kaso ng diborsiyo ngayon — at nangunguna tayo sa buong mundo, dito sa America, sa dami ng kaso ng diborsiyo, daig natin ang ibang bansa sa buong mundo. Mas marami ang diborsiyo rito kaysa saan mang bansa (ang bansang ito), at umano'y ipinapalagay ng lahat na isa itong Cristianong bansa. Anong laking kahihiyan — ang ating mga hukuman ng diborsiyo. Sa palagay ko ang dahilan nito ay dahil nalayo na ang kalalakihan natin sa Diyos, at nalayo na ang kababaihan natin sa Diyos. At makikita natin na kung mananalangin lang ang isang lalaki at kung mananalangin lang ang isang babae tungkol sa bagay na ito — at hindi lang basta titingin sa

mapupungay na mga mata, o sa matipunong mga balikat, o anumang tulad nito, o sa anumang makasanlibutang pagnanasa, bagkus ay titingin muna siya sa Diyos at magsasabi, "O Diyos, ito ba ang plano mo?"

22 Sa palagay ko, sa araw na ito ay napakaraming nagaganap na panlilinlang, tulad nang nagaganap sa paaralan. Kapag dumadaan ang mga bata sa amin tuwing umaga — marami sa mga kabataan sa aming kapitbahayan (mga kaibigan ko) ay nagdaraan at sinasabi nila, "Brother Branham, maaari mo ba kaming ipanalangin? May test kami ngayon. Nagtrabaho ako buong magdamag kagabi at tila hindi ko ito maisaayos. Ipanalangin mo ako."

Sa palagay ko, ang sinumang mag-aaral, kung iyong . . . at kaharap ang mga magulang sa umaga, kung sasabihin mong, "Nanay, may test si John ngayon; ipanalangin natin siya ngayon," sa palagay ko ito'y . . . lahat ng ibang maaari mong gawin, kung mangongopya ka sa katabi mo at mandaraya ka, sa palagay ko, kung magagawa mo lang na idaiangin ang bagay na iyan . . .

23 At kung pag-aaralan lang natin kung ano ang ginagawa natin kung magaasawa tayo, kung mamimili tayo ng asawang babae o lalaki, kung pagaaralan lang nating mabuti . . . Dapat ay manalangin ang isang lalaki sapagkat maaaring maging dahilan iyon ng pagkasira ng buong buhay niya. Alalahanin, ang sumpaan ay, "Hanggang paghiwalayin tayo ng kamatayan." At maaaring sirain ng isang lalaki ang buhay niya dahil sa maling pagpili. Ngunit kung alam niya kung ano ang . . . mga mali ang pagpili niya at pakakasalan niya ang isang babae na hindi bagay sa kaniya, pero itutuloy pa niya, kasalanan niya iyon. Kung kukuha ang isang babae ng mapapangasawa at alam niyang hindi siya nararapat na mapangasawa, kasalanan mo na iyon dahil alam mo na kung ano ang tama at mali. Kaya't hindi mo dapat gawin iyon hangga't hindi ka nananalangin nang lubusan.

24 Ganito rin dapat ang gawin sa pagpili ng iglesia. Ngayon dapat ay ipanalangin mo ang iglesiang sinisimbahan mo. Alalahanin, ang mga iglesia ay may espiritu.

Ngayon, ayaw kong mamintas ngunit napapagtanto ko na matanda na ako. At kailangan ko nang lumisan isa sa mga araw na ito. Mananagot ako sa araw ng paghuhukom sa anumang sasabihin ko sa gabing ito o sa anumang pagkakataon, at ako'y . . . kaya't kailangan kong maging totoong maalab at maging tunay na matibay ang paniniwala. Ngunit kung pupunta ka sa isang iglesia, at kung pagmamasdan mo ang pagkiios ng igiesiang iyon —pagmasdan mo lang ang pastor sandali, at karaniwang matutuklasan mo na ang ikinikilos ng buong iglesia ay katulad ng kilos ng pastor.

Kung minsan ay nag-iisip tuloy ako kung hindi kaya ang nakukuha natin ay ang espiritu ng isa't -isa at hindi ang Espiritu ng Diyos. Kapag nakita mong ang pastor ay totoong radikal at masyadong malikot, makikita mo na ganoon din ang asal ng kongregasyon.

Dadalhin ko kayo sa isang iglesia kung saan kapag nakatayo ang pastor — tatangu-tango sila. Panoorin n'yo ang kongregasyon; ganoon din ang gagawin nila. Kapag nilulunok ng pastor ang kahit anong turo, karaniwang gano'n din ang ginagawa ng kongregasyon.

Kaya't kung pipili ako ng igiesia, ang pipiliin ko ay ang tunay, pundamental, full-gospel na iglesiang nananangan sa Biblia—kung mamimili ako ng iglesiang pagdadalhan ko sa pamilya ko. Pumili kayo . .

Tumingin ako . . .

25 Ang mga kabataang lalaki noong isang araw (ang anak ni Brother Shakarian at ang kaniyang manugang) dinala nila ako roon para manalangin sa isang kabataan, isang mang-aawit, isang mabait na bata, na kababalik lang — Fred Barker, iyon ang pangalan niya — kagagaling lang niya sa biyahe, at tinawagan nila ako at sabi'y naghihingalo raw si Fred, at bago pa ako maka-akyat sa bahay, may dumating na namang bagong pasabi: "Baka patay na siya sa mga sandaling ito." At ang sabi nila namuo raw ang dugo niya sa utak, at naparalisa siya, at naghihingalo na siya; at nais ng asawa niya na ipanalangin ko siya.

At naisip ko, "Baka kung mag-eeroplano ako ay hindi ko na siya abutang buhay, at baka nga patay na siya ngayon." Kaya't kaagad akong tumawag nakausap ko ang babae sa telepono, at ikinabit namin ang telepono sa tainga ni Fred. Hindi siya makalunok. Nilagyan nila siya ng artipisyal na panlunok. At nang ipanalangin namin siya, ang sabi niya . . . sumenyas siya, pinatatanggal niya iyon sa lalamunan niya! Nakalulunok na siya. Hindi makapaniwala ang mga duktor, at inalis nila iyon at totoo ngang nakalulunok na siya. At nakaupo na siya noong isang araw.

Ang isang iglesia — ang pagpili ng iglesia.

26 May tumawag sa telepono kaninang umaga. Isang miyembro ng aming iglesia, na ang totoo ay isang babaeng Baptist na mula sa Louisville, namatay siya kaninang umaga. At ang iglesia ko roon sa amin, isang lupon ng konsagradong kalalakihan, nagtipun-tipon sila at nagpunta sila roon bago pa siya maembalsamuhan, tumayo sila sa paligid niya at nanalangin sila hanggang sa magbalik ang buhay sa

kaniya, at buhay siya ngayong gabi — ang mga matatanda sa aking iglesia. Bakit? Naturuan silang maniwala na ang lahat ng mga bagay na iyon ay posibie. Lumapit kayo sa Diyos nang buong katapatan.

Kaya't dapat ay tama ang gagawin mong pagpili.

27 Muli, ang uri ng babaeng pipiliin ng isang lalaki ay sumasalamin sa kaniyang ambisyon at sa kaniyang pag-uugali. Kung pipili ng maling babae ang isang lalaki, sumasalamin ito sa kaniyang pag-uugali. At kung saan niya itinatali ang sarili niya, iyon ang nagpapakita kung ano talaga ang nasa kaniya. Masasalamin sa babae kung anong yung lalaki ang pumili sa kaniya bilang asawa. Ipinakikita nito kung ano ang nasa kaniya. Kahit ano pa ang ipinakikita niya sa labas, tingnan n'yo kung sino ang pakakasalan niya.

Pagpunta ko sa opisina ng isang lalaki, sinasabi niyang isa siyang Cristiano — punung-puno ng pin-up ang dingding, ang tugtog ay boogiewoogie — kahit ano pa ang sabihin niya; hindi ako naniniwala sa kaniyang patotoo, sapagkat ang espiritu niya ay nanginginain ng mga bagay na iyon ng sanlibutan.

Ano'ng masasabi ninyo kung ang pakakasalan niya ay singer sa club, o ano kaya't ang pakasalan niya ay isang sex queen, o kaya'y isang magandang makabagong Ricketta? Iyon ang sumasalamin, nagpapakita iyon kung ano ang iniisip niyang kalalabasan ng kaniyang tahanan sa hinaharap, sapagkat siya ang kinuha niya upang magpalaki ng mga anak niya, at kung ano man siya, iyon din ang pagpapalaking gagawin niya sa mga anak niya. Kaya't ipinakikita nito kung ano ang nasa lalaki. Ang isang lalaking kukuha ng ganoong klase ng babae ay nagpapakita lang kung ano ang iniisip niya tungkol kaniyang hinaharap. Maiisip ba ninyo na magagawa iyan ng isang Cristiano? Hindi, po, hindi ko po magagawa. Ang isang tunay na Cristiano ay hindi maghahanap ng mga beauty queen at singer sa club at mga sex queen. Ang hahanapin niya ay ang ugali ng isang Cristiano.

28 Ngayon, hindi maaaring mapasayo ang lahat ng bagay. Marahil ay may isang babae na totoong maganda, at ang isa naman marahil ay isang. . . Mas maganda marahil siya kaysa sa isang iyon. At kakailanganin mong isakripisyo ang isa, at siya . . . hindi mahalaga sa akin kung maganda siya o hindi, makabubuting ang tingnan mo ay ang pag-uugali niya, maganda man siya o hindi. Ngayon . . . sapagkat dapat lang na kapag ang isang Cristiano ay namili ng isang nobya, ang dapat piliin ay isang tunay na isinilang na muling babae. Kahit ano pa ang hitsura niya, ang mahalaga ay kung ano siya, kung ano ang katauhan niya. At muli iyon ay sumasalamin sa kaniyang sariling makadiyos na pag-uugali at sinasalamin nito kung ano ang laman ng isip niya, kung ano ang magiging kinabukasan ng kaniyang pamilya — ang bubuuin ng ganoong klaseng babae — para sa pinaghahandaan niyang tahanan.

Kung ang mapapangasawa niya ay isa sa mga makabagong Rickettang ito, mga sex queen, ano ang aasahan niya? Ano'ng uri ng tahanan ang maaaring asahan ng isang lalaki? Kung mag-aasawa siya ng isang babae na walang sapat na moralidad upang tumigil sa bahay at mag-asikaso sa bahay at ang gusto ay magtrabaho sa upisina ng kung sino, at ano ba kung may bahay kaya ang kalalabasan niya? Kukuha kayo ng mga taga-alaga ng bata at lahat na. Totoo iyan.

29 Ngayon hindi ako gasinong hanga sa makabagong panlasa tungkol sa mga kababaihang nagtatrabaho.

Nang pagkalooban ng Diyos ang lalaki ng asawa, ipinagkaloob Niya sa kaniya ang pinakamainam na bagay maliban sa kaligtasan, ngunit kung pipilitin ng isang babae na kunin ang puwesto ng lalaki, kung magkagayon ay siya rin ang pinakamasamang bagay na mapapasakaniya. Ngayon tama iyan.

Ngayon ay makikita natin ang Espirituwal na pagkagamit nito. Alam kong masama iyan. Ipinalalagay ninyong masama iyan, ngunit iyan ang Katotohanan. Kahit pa gaano kasama iyan, kailangan nating harapin ang katotohanan. Iyan ang itinuturo ng Biblia.

30 Ngayon, malinaw nating makikita rito ang Espirituwal na plano ng Diyos para sa Kaniyang magiging tahanan sa piling ng Kaniyang magiging Asawang Babae — naialantad na ito ngayon. Kung mag-aasawa ang isang lalaki ng isang sex queen, makikita mo kung ano ang inaasahan niyang mangyari sa hinaharap. Kung mag-aasawa ang isang lalaki ng isang babaeng hindi tumitigil sa bahay, makikita mo kung ano ang inaasahan niyang mangyari sa hinaharap.

At ako, minsan . . . Maaaring hindi magandang pakinggan ito, at nadarama kong kailangan kong sabihin ito, at ako . . . karaniwang kapag nadama kong sabihin ang isang bagay, kapag naisip kong sabihin Ito, at karaniwang ito nga ang paraan ng Diyos. Noon ay sumasama ako sa isang rantsero na kasama ko sa pamimili ng baka. At napansin ko na tinititigan muna ng lalaking iyon ang mga baka sa mukha bago siya tumawad. Pagkatapos ay lilingon siya at magpapalipat-lipat ng tingin. Sinubaybayan ko siya, at pinagmasdan, sinisipat niyang maigi ang bakang babae. At kung maganda naman ang pangangatawan niya, ay tititigan naman niya siya sa mukha, at kung minsan ay umiiling siya at umaalis.

Ang sabi ko, “Jeff, may itatanong ako sa iyo.”

Ang sabi niya, “Sige lang, Bill.”

At ang sabi ko, "Buweno, bakit mo pa tinititigan ang baka sa mukha?" Ang sabi ko, "Maayos naman ang baka — maganda at mataba ang bakang iyon."

Ang sabi niya, "Gusto kong sabihin sa iyo, bata, marami ka pang dapat matutunan,"

At napagtanto ko iyon pagkatapos niyang sabihin sa akin. Ang sabi niya, "Kahit gaano pa kaganda ang pangangatawan niya, maaaring malaman siya hanggang sa mga paa niya, ngunit kung mailap siya kung tumingin, huwag na huwag mo siyang bibilhin."

Ang sabi ko, "Bakit, Jeff?"

"Buweno," ika niya, "unang-una," ika, "hinding-hindi siya matatahimik." At ika pa niya, "Ikalawa, hinding-hindi siya magiging isang mabuting ina sa kaniyang mga anak." At ika pa niya, "Nasa loob siya ng kulungan ngayon, kaya siya mataba. Pag pinakawalan mo ang bakang mailap ang mukha natulad niyan, magtatatakbo siya hanggang sa mamatay siya."

At kako, "Alam mo, may natutunan ako. Sa paniwala ko, maaari ring gamitin iyan sa mga babaeng tao."

Ang tinging iyon na mailap, palaban, parang Ricketta kung tumingin — makabubuting iwasan mo siya, bata. Ang mga kulay asul na pintang iyon sa ibabaw ng kanilang mga mata — hindi ko gugustuhin iyon; sa palagay ko ay hindi lyan bagay sa isang Cristiano. Kahit pa sabihin ng telebisyon at ng pahayagan na maganda iyan, iyan ang pinakapangit, at nakaririmarim na pangitaing nakita ko sa tamang buhay ko.

31 Nang una kong makita iyan dito sa Clifton Cafeteria isang umaga sa isang agahan, nakita kong pumanhik ang ilan sa kanila. Kararating lang noon ni Brother Arganbright, at gayon din ako. At bumaba siya. At nang tumingin ako, ay pumasok ang dalagang iyon. At sa loob-loob ko, "Buweno, ewan ko, noon lang ako nakakita ng gano'n. Isa iyong uri ng . . . Oh, ang tingin ko ay parang nabubulok na lyon. Alam n'yo, parang nakakatawa ang hitsura niyon — hindi ko sinasabi ito para maging katawa-tawa. Sinasabi ko ito upang . . .

Alam n'yo na, nakakita na kasi ako ng ketong. Isa akong misyonero. Nakakita na ako ng lahat ng uri ng mga kakaibang tao, alam n'yo, kung paanong ang mga sakit . . . At lalapitan ko sana ang dalagang iyon upang sabihin sa kaniya na, "Ministro ako; nananalangin ako sa maysakit. Gusto mo bang ipanalangin kita?" At noon lang ako nakakita ng ganoon. Pagkatapos ay may dumating uling dalawa o tatlo pang iba, at umatras ako nang makita kong gayon at naghintay ako. At dumating si Brother Arganbright. Ang sabi ko, "Brother Arganbright" (maaaring naririto siya ngayon), ang sabi ko, "ano ang nangyayari sa babaeng iyon?"

At ang sabi niya, "Pintura iyan."

Ang sabi ko, "Buweno, naku, naku!" Ang akala ko pa naman ay dapat siyang ipadala sa pagamutan kung saan, alam n'yo na, para huwag nang makahawa sa iba pang mga babae.

32 Ngunit alam n'yo, kailangan n'yong magplano at maghanap at manalangin kung mamimili kayo. Sapagkat nakikita natin sa pamamagitan nito, ng Salitang Naipangako, na ang babae, ang nobya, na pipiliin ng isang lalaki ay sumasalamin sa kaniyang pag-uugali. Sinasalamin nito kung ano ang nasa kalooban niya. Ngayon maiisip ba ninyo na ang isang lalaking puspos ng Espiritu Santo ay kukuha ng isang babaeng tulad no'n upang mapangasawa? Sadyang hindi ko ito maintindihan, kapatid. Ngayon, marahil ay masyado lang akong makaluma, ngunit alam n'yo, sadyang hindi iyan maintindihan, kita n'yo. Pansinin n'yo, sapagkat isasalamin nito kung ano ang nasa kalooban niya. Tutulungan niya siyang bumuo ng kaniyang magiging tahanan sa hinaharap.

Ngayon kung babalik tayo sandali sa Espirituwal na bahagi, at kapag nakakita kayo ng isang iglesiang nasa sanlibutan, kumikilos nang tulad sa sanlibutan, nakikisalamuha sa sanlibutan, nakikibahagi sa sanlibutan, ang turing sa Biblia ay tila hindi Siya ang sumulat ng mga Ito, kung gayon ay maiisip n'yo na hindi kukuha ng gano'ng un ng Nobya si Cristo. Maiisip ninyo na ang kukuning Nobya ay ang makabagong iglesia ng araw na ito? Hindi gagawin iyan ng Panginoon ko. Hindi ko kayang unawain iyan. Hindi.

Alalahanin n'yo, ang lalaki at ang kaniyang asawa ay iisa. Makikisama ka ba sa isang taong tulad niyon? Kung gagawin mo iyan, tiyak na mawawala ang sampalataya ko sa iyo.

33 Kung gayon, paano naman kaya kung ang Diyos ang makikisama sa isang babaeng tulad niyon? Isang karaniwang makadenominasyong patutot. Sa palagay n'yo kaya ay gagawin Niya iyon? "May anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan nito." Hinding-hindi Niya gagawin iyan. Dapat ay nasa kaniya ang pag-uugali Niya. Ang isang tunay na isinilang na muling iglesia ay dapat magtaglay ng paguugaling tinaglay ni Cristo, sapagkat ang magasawa ay isa. At kung ang ginawa lang ni Jesus ay kung ano ang nakalulugod sa Diyos (tinupad Niya ang Salita Niya at pinamalas ang Salita Niya), dapat ay gayon din ang maging paguugali ng Nobya Niya. Hindi Siya maaaring maging isang denominasyon sa

anumang paraan, sapagkat kung magkakagayon, kahit anong pilit mong tumanggi, kinukontrol siya ng isang lupon na mag-uutos sa kaniya kung ano ang dapat niyang gawin o kung ano ang hindi niya dapat gawin, at kadalasan ay milyong milyang lihis ito sa tunay na Salita.

34 Nakalulungkot na lumayo na tayo sa tunay na Lider na iniwan ng Diyos upang mamuno sa Iglesia. Hindi Siya nagsugo ng mga pambansang presbyter. Hindi Siya nagsugo ng obispo, cardinal, pari, o mga papa. Ang isinugo Niya ay ang Espiritu Santo upang mamuno sa Iglesia. "Kapag Siya, ang Espiritu Santo ay dumating, aakayin Niya kayo sa buong Katotohanan, ipahahayag Niya ang lahat ng mga bagay na ito na sinabi Ko sa inyo, ipaaalala Niya ang mga bagay na ito, at magpapakita Siya sa inyo ng mga bagay na darating." Ang Espiritu Santo ang gagawa nito.

Ngayon ay namumuhi ang makabagong iglesia rito! Ayaw nila nito. Kaya paano siyang magiging nobya ni Cristo? Ang mga tao ngayon, ay pumipili ng isang makabagong denominasyon, ang nangyayari, sinasalamin lamang nito ang mapurol na pagkaunawa nila sa Salita. Hindi ko nais na makasakit, ngunit nais kong bumaon ito nang malalim hanggang sa magawa ninyo itong siyasatin.

35 Marami na akong mag-asawang ikinasal ngunit lagi kong . . . naaalala ko si Cristo at ang Kaniyang Nobya. Ang isa sa mga idinaos kong kasal dito, nung minsan, isa itong bagay na katangi-tangi sa aking buhay. Nangyari ito maraming taon na ang nakalipas, nang ako'y bata pang mangangaral.

Ang kapatid ko ay nagtatrabaho sa P.W.A. Hindi ko alam kung naaalala pa ninyo ito o hindi na — sa inyo na mga kasing tanda ko. At isa iyong proyekto ng pamahalaan, at nagtrabaho ang kapatid ko ng mga tatlumpung milya. Naghuhukay sila ng lawa — proyekto iyon para sa konserbasyon. At may kasama siyang isang binata sa trabaho na taga-Indianapolis, mga, oh, marahil ay mga isang daang milya ang layo sa itaas ng Jeffersonville kung saan ako nakatira — o dating nakatira. At mayroon doong isang . . . isang araw ay sinabi niya sa kapatid ko, ang sabi niya, "Doc, mag-aasawa na ako pag nakaipon na ako ng pambayad sa mangangaral." Ang sabi niya, "May pera na akong pambayad sa lisensiya, ngunit," ang sabi niya, "wala pa akong pambayad sa mangangaral na magkakasal."

Ang sabi ni Doc, "Buweno, mangangaral ang kapatid ko, at maaari ka niyang ikasal." Ang sabi niya, "Hindi siya nagpapabayad sa mga gano'ng serbisyo."

Ang sabi niya, "Tanungin mo nga siya kung maaari niya kaming ikasal"

36 Buweno, nung gabing iyon ay tinanong nga ako ng kapatid ko. At ang sabi ko, "Kung hindi pa siya nakakasal sa iba, o sino man sa kanila, at wala namang problema."

Ang sabi niya . . . Buweno, tatanungin daw niya siya. At ang sabi ko, "Kung walang problema, sabihin mo sa kaniya na pumarito siya."

Kaya't nang dumating ang araw ng Sabado ay dumating siya . . . Isang malaking bagay sa akin ang laging balikan ang pangyayaring ito. Maulan noong hapong iyon, at isang lumang kotseng Chevrolet na ang ilaw ay may taling kawad ng koryente ang pumarada sa aming harapan. Kamamatay pa lang ng asawa ko noon at nakatira ako sa isang bahay na may dalawang maliliit na silid. At naroon si Doc at kasama kong naghihintay sa kanila. At bumaba ng kotse ang binata at talaga namang hindi siya mukhang nobyo para sa akin o sa kaninumang maaaring tumingin, sa palagay ko. Makabibili ako ng maganda-gandang sapatos sa halagang isang dolyar at kalahati, at ang suot niyang sapatos ay lumang luma na, at ang pantalon niya ay totoong gastado na. At nakasuot siya ng kung tawagin natin ay moleskin jacket. Sa palagay ko ay hindi na ito maaalala ng ilan sa mga matatandang naririto. Para bang hinulog iyon sa washing machine nang hindi binanlawan at may mahabang mantsa iyon at nakabuhol nang paganito, ang kanto ng laylayan.

37 At may isang dalagang bumaba sa kabila ng sasakyan na ang suot ay, isang guhitang bestida . . . Ewan ko ba. Nagkamali ako ng tawag sa telang iyon minsan. Ging-ham yata ang tawag doon. Kaya't iyon ay isang . . . Mali na naman ang pagkakasabi ko. Lagi na lang akong nagkakamali ng tawag dito. At sabi ko . . . Bumaba siya ng kotse at pumanhik sa aming hagdan, at nang pumasok sila, ang kawawang babae, siya ay . . . wari ko'y talagang siya ay . . . Halos ay palda lang ang suot niya. Wala siyang sapatos, halos. Naglakad lang siya mula sa Indianapolis. Ang buhok niya ay nakatirintas nang mahahaba at nakalaylay iyon sa kaniyang likuran — batang-bata ang hitsura niya. Ang sabi ko sa kaniya, "Nasa tamang gulang ka na ba upang magpakasal?"

Ang sabi niya, "Opo." At ika pa niya, "Mayroon po akong hawak na pahintulot na isinulat ng aking ama't, ina." Ang sabi niya, "Kailangan kong ipakita ito sa korte para makuha ko ang lisensiya ko."

Ang sabi ko, "Mabuti." Ang sabi ko, "Gusto ko muna kayong makausap bago natin idaos ang kasalang ito.

Naupo sila. Tingin nang tingin ang binata sa paligid ng silid. Kailangan niyang magpagupit. At tingin siya nang tingin sa paligid. Hindi siya nakikinig sa akin. At ang sabi ko, "Anak, nais kong makinig ka sa

sinasabi ko."

Ang Sabi niya, "Opo."

At ang sabi ko, "Mahal mo ba ang babaeng ito?"

At ang sabi niya, "Opo, mahal ko po siya."

Ang sabi ko, "Mahal mo rin ba siya?"

"Opo, mahal ko po siya,"

Ang sabi ko, "Ngayon, may bahay ka na bang pagdadalhan sa kaniya pagkatapos ng kasal n'yo?"

Ang sabi niya, "Opo."

At ang sabi ko, "Mabuti. Ngayon," ang sabi ko, "May itatanong ako sa iyo. Ayon sa nauunawaan ko ay dito ka nagtatrabaho sa P.W.A."

At ang sabi niya, "Opo."

(Ang pasahod doon ay mga labindalawang dolyar bawat linggo.) At ang sabi ko, "Sa palagay mo kaya ay kaya mo siyang buhayin?"

Ang sabi niya, "Gagawin ko ang magagawa ko."

At ang sabi ko, "Buweno, mabuti iyan." At ang sabi ko, "Ngayon, ano kaya kung mawalan siya . . . paano kaya kung matanggal siya sa trabahong iyon, sister? Anong gagawin mo? Uuwi ka ba sa iyong ama't ina?

Ang sabi niya, "Hindi po, mananatili po ako sa piling niya."

At ang sabi ko, "Ikaw lalaki, ano kaya kung tatlo o apat na ang anak n'yo at wala kang maipakain sa kanila, at wala kang trabaho, ano'ng gagawin mo? Itataboy mo ba sila?"

Ang sabi niya, "Hindi po, magsisikap po ako. Makakaraos din siguro kami."

Pakiramdam ko'y nanliit ako, at nakita kong talagang mahal niya ang babae, at mahal nila ang isa't-isa. Ikinasal ko sila.

38 At pagkatapos ay nag-isip ako kung saan kaya niya siya itinira. Makalipas ang ilang araw ay tinanong ko si Doc, "Saan sila nakatira?"

Ang sabi, "Puntahan mo sa New Albany." (isa iyong lungsod sa gawing ibaba namin.) At doon sa ilog kung saan ay may naipon akong mga lata, araw-araw akong nagpupunta roon, noong lineman pa ako, kapag ang iba kong mga kasama ay naroroon at nagkakatipon at nagbibiruan, sasakay ako sa truck at lulusong ako roon sa may ilog at mananalangin ako habang . . . at magbabasa ako ng Biblia sa lilim ng isang malapad na yero kung saan ay dating nakatayo ang isang pagawaan ng bakal.

May mga lumang box car na nakatambak doon. At nagpunta ang lalaking iyon doon at kinuha niya ang isa sa mga box car na iyon, at nilagari niya iyon ng lagaring bakal para magkaroon siya ng pintuan, at kumuha siya ng mga diyaryo at ng mga tackey button — ilan ba sa inyo ang nakaaalam kung ano ang tackey button? Wala palang taga Kentucky rito kung gayon! Kumuha ka lang ng kapirasong karton at tusukan mo iyon ng thumb tacks o di kaya'y ng maliit na pako, pagkatapos ay ibaon mo iyon sa . . . Iyon ang tackey button.

39 Kaya't punung-puno ang bahay nila ng mga iyon. At nagpunta siya roon sa pagawaan ng bakal at kumuha siya ng mga lumang bakal at ginawa niya iyong hagdan. Kumuha rin sila ng mga lumang kahoy na kahon at ginawa niya iyong mesa. At isang araw ay naisipan kong pasyalan sila at nang malaman ko kung ano na ang nangyayari sa pagsasama nila."

Mga anim na buwan ang lumipas bago iyon, ikinasal ko ang anak na babae ni E.V. Knight sa anak na lalaki ni E.T. Slider. At si E.V. Knight ay isa sa pinakamayamang lalaki rito sa Ohio River. At may malalaki siyang mga factory roon na gumagawa ng mga bahay na pre-fab at iba pa. At si Slider naman, Si G. E.T. Slider, ay may isa namang kumpanya ng buhangin at bato — kapwa sila anak ng milyonaryo. At ikinasal ko sila.

At nagpabalik-balik ako sa isang lugar at nag-ensayo kami ng mga dalawang linggo, papasok ako roon sa isang maliit na silid, at pagkatapos ay may paluhod-luhod pa sa unan, at lahat na lang ng karangyaan na kailangan kong gawin para lang maikasal ko ang magnobyong iyon. At nang lumabas sila, aba, sila'y . . . Yung isang magnobyo kanina ay nakatayo lamang sa isang lumang silid na may isang lumang sofa at isang kamang de tiklop — ngunit parehong seremonya lang ang ginamit ko sa kanila.

40 At isang araw ay naisipan kong dalawin ang mayamang mag-asawang iyon. Hindi na nila kailangang magtrabaho pa; mga milyonaryo ang mga ama nila. Ipinagpatayo nila sila ng magandang bahay. Ang totoo, itong si E.V. Knight na nakatira dito sa itaas ng burol, ang mga door knob niya ay yari sa fourteen carat na ginto, doon sa kaniyang malaking palasyo, kaya't makikita ninyo kung ano'ng uri ng bahay ang tinitirhan nila. Hindi na nila kailangan pang magtrabaho. At taun-taon ay binibigyan sila ng bagong Cadillac, at "ang babata pa nila." At nasa kanila na ang bawat maibigan nila.

Pumaroon ako isang araw . . . Ngayon, kaya ko naman sila nakilala, isa sa mga kaibigan nila ay matalik kong kaibigan, at naging magkakaibigan kami. Kaya ganoon kami nagkakilala nang hilingin nilang ikasal ko sila.

41 Kaya't pumaroon ako upang bisitahin sila. At bumaba ako sa aking lumang Ford doon sa labas at pumanhik ako sa hagdan. At masyado akong napalapit at narinig ko ang usapan nila. At ang totoo ay nag-aaway sila. Nagseselusan sila. Galing sila sa isang sayawan. Isa Siyang napakagandang babae, at isa siya sa mga tinatawag nating mga beauty queen. Marami siyang gantimpalang napanalunan doon sa lugar nila, kabilang ang ilang kotse dahil sa pagiging beauty queen niya.

At tiningnan ko sila, at ang isa ay nakaupo sa isang sulok, at ang isa naman — nagtatalo sila tungkol sa isang binatang nakipagsayaw sa kaniya, o tungkol sa isang dalaga o anuman iyon. Nang lumapit ako, bigla silang napaigtad at nagsilapit sila sa isa't-isa — at naghawakan ng kamay at lumapit sila sa pintuan. Ang sabi, "Aba, Hello, Brother Branham, kumusta ka na?"

Ang sabi ko, "Mabuti. Kumusta naman kayo?"

At, "Oh," ang sabi ng lalaki, "maligayang maligaya kami, hindi ba Honey?"

At ang sabi naman ng babae, "Siyanga, mahal."

42 Kita n'yo? Nagpapalabas kayo ng isang bagay na hindi naman totoo. Ngayon, hindi kayo maaaring magpainit sa isang apoy na ipininta lamang. Tulad ng ibang mga simbahan ngayon na nagpipilit magpinta ng isang Pentecostes na naganap isa o dalawang libong taon na ang nakalilipas. Hindi ka maaaring madarang sa isang apoy na ipininta lamang. Ang Pentecostes ay totoo pa rin hanggang ngayon kung paanong totoo iyon noon. Bumubuhos pa rin ang apoy. Hindi ito apoy na ipininta; ito'y totoong apoy. Kaya't hayun sila, kita n'yo. Ayaw kong magkaganoon ang buhay ko.

43 "Buweno," sa loob-loob ko, "Alam n'yo doon sa kabila ng bangin, at sa kabila ng ilog, doon naman tumira ang isa pang mag-asawang iyon." Naisip ko na isang araw ng Sabado ay sisilip ako roon at titingnan ko kung ano na ang nangyayari sa kanilang pagsasama. Kaya't madungis ang mukha ko, at suot ko ang marumi kong overall at dala ko ang aking mga kasangkapan. Naisip kong sumilip sa kanila, at pupunta ako roon na para bang naghahanap ako ng mga insulator na tinamaan ng kidlat, o kung ano, habang naglalakad ako sa tabi ng linya ng telepono — o ng kable ng koryente sa kahabaan ng ilog. At ang lumang Chevrolet ay nakaparada sa harapan ng bahay nila — mga isang taon na ang lumipas nang ikasal ko sila — at mayroong isang . . . Bukas ang pinto, at naririnig ko ang usapan nila.

Para akong isang ipokrito, pero lumapit ako nang husto upang marinig ko sila — at nang marinig ko ang pinag-uusapan nila, tumayo ako roon at gusto ko lang malaman para sa sarili ko. Nais kong malaman at nais kong makatiyak na alam ko kung ano ang sinasabi ko. Ganiyan ang ginagawa ko sa Salita ng Diyos. Totoo ba talaga iyon o hindi? Tutuparin kaya Niya ang Salita Niya o talaga bang tinutupad Niya ang Salita Niya? Kung hindi Niya tinutupad ang Salita Niya, hindi Siya Diyos, kita n'yo? Kung tinutupad Niya ang Salita Niya, Diyos Siya, kita n'yo.

44 Kaya't nais ko sanang makita kung ano na ang nagyayari sa pagsasama nila, at panakaw akong tumabi sa bahay nila. At narinig ko ang lalaki, "Buweno, honey, gustung-gusto ko talagang bilhin iyon para sa iyo."

Ang sabi ng babae, "Tingnan mo, sweetheart," ang sabi niya, "Maayos pa naman ang damit na ito." Ang sabi niya, "Aba maganda naman ito, ah." Ang sabi niya, "Pinahahalagahan ko iyan, ngunit tingnan mo . . ."

Lumapit pa ako ng kaunti para makasilip ako sa pintuan ng box car na bahagyang nakabukas. At nakaupo ang lalaki roon at nakakalong ang babae sa kaniya, at nakayakap ang bisig ng lalaki sa babae at nakayakap din ang mga bisig ng babae sa lalaki. At ang sumbrero niya ay iyon bang may maliit na butas at lubog ang ibabaw, at inilagay niya noon ang sinuweldo niya. Inilapag niya iyon sa mesa. Ang sabi niya, "Heto ang para sa groceries, heto ang para sa insurance, at heto ang para sa kotse," at hindi nila mapagdugtong ang magkabilang dulo sa dami ng bayarin. Iyon pala ay may nakita siyang isang magandang damit na nakadispley doon sa tindahan (dalawang linggo na niyang binabalik-balikan iyon) na ang halaga ay isang dolyar at hang sentimo. Gusto niyang bilhin iyon. Ang sabi niya, "Buweno, Honey, bagay na bagay sa iyo iyon pag sinuot mo."

At ang sabi niya, "Ngunit Honey, may damit naman ako, ah. Hindi ko pa talaga kailangan iyon." Kita n'yo!

Ang munting reynang iyon . . .

45 At umatras ako at muli akong tumingin. Nakikita ko ang matarik na bubungan ng malaking bahay na iyon, at tumayo ako roon at tiningnan ko iyon sa loob ng ilang sandali. Sa loob-loob ko, "Sino ba talaga ang mayaman sa kanila?" Sa loob-loob ko, "Kung . . . Bill Branham, kung pamimiliin ka, alin ang pipiliin mo?"

Para sa akin, hindi ko pipiliin ang magandang babaeng iyon doon sa burol, bagkus ay ang pipiliin ko ay ang isang ito rito sa ibaba na may tunay na pag-uugali at isang tunay na tagabuo ng tahanan, isang babaeng umiibig sa akin at sasama sa akin, isang babaeng magsisikap na makabuo ng tahanan nang hindi ka pinipiga para magkaroon ng mga bagay-bagay, ng mga karangyaan, isang babae na sasama sa piling mo — kabahagi mo.

46 Nanatili sa aking kalooban ang pangyayaring iyon. Ang isa ay pumili ng isang magandang babae; ang isa naman ay pumili ng pag-uugali. Ngayon ay iyan lamang ang tanging paraan upang mamili. Una, maghanap ka ng magandang pag-uugali, at pagkatapos, kung mahal mo siya, sige na.

Pansinin n'yo, ang unang Adan ng Diyos ay hindi nagkaroon ng pagkakataong mamili ng kaniyang asawa. Hindi siya nakapamili. Lumikha ang Diyos ng isang asawa para sa kaniya, at hindi siya nakapamili. Kaya't makikita natin na inilihis niya siya sa Salita ng Diyos. Hindi siya nakapanalangin tungkol sa bagay na iyon. Hindi siya tulad sa iyo o sa akin. Hindi siya namili.

At muli sa pamamagitan niyon, nilihis niya siya mula sa kaniyang marapat na kalagayan bilang isang anak ng Diyos, at ginawa niya iyon sa pamamagitan ng pagpapakita sa kaniya ng isang higit na modernong pamamaraan ng pamumuhay — isang bagay na hindi nila dapat ginawa, datapuwat ang paguugali niya ang nagpakita na nagkamali siya; ang mga hangarin at layunin niya ay talagang mali — at kinumbinsi niya siya sa pamamagitan ng kaniyang pangangatwiran na ang modernong bagong liwanag na nakita niya, na taliwas sa Salita ng Diyos, ay ang higit na mainam na paraan ng pamumuhay.

47 At ilan bang kababaihan ngayon, at gayon din naman ang kalalakihan, ang makahahatak ng isang mabuting babae palayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasabi sa kaniya na ang kaniyang relihiyon (Kayong mga kalalakihang Pentscostal) . . . "Ang relihiyong iyan," ika nila, "oh, makaluma iyan; laos na iyan. Huwag kayong maniniwala riyan." Dapat kayong manalanging maigi bago n'yo pakasalan ang babaeng iyan. Kahit pa gaano siya kaganda — gayon din sa isang lalaki.

Hinimok niya siyang lumabas sa kalooban ng Diyos at itinulak niya siyang gumawa ng isang bagay na hindi niya dapat ginawa, at dahil dito ay nagbunga ito ng kamatayan sa buong sangkatauhan. Iyan ang dahilan na pinagbawalan siyang magturo, o mangaral, o humawak ng Salita ng Diyos sa anumang paraan. Alam ko Sister na marami sa inyo ang nagsasabi, "Tinawag ako ng Diyos upang mangaral." Hindi ako makikipagtalo sa iyo. Ngunit sasabihin ko sa iyo, na sinabi ng Salita na huwag mo iyang gagawin. "Hindi siya maaaring magturo o magkaroon man ng kapamahalaan, kundi dapat ay manahimik siya."

"Buweno," sasabihin mo, "inutusan ako ng Panginoon upang gawin ito."

Hindi ko iyan pagdudcontainer kaunti man. Narinig ba ninyo ang Mensahe ko nung isang gabi tungkol kay Balaam? Nakuha ni Balaam ang unang malinaw na Mensahe ng Diyos, "Huwag mong gagawin!" Ngunit nagpumilit siya hanggang sa sabihin ng Diyos sa kaniya na gawin niya iyon. Maaari kang pahintulutan ng Diyos na mangaral. Hindi ko sinasabing hindi. Ngunit hindi iyan ayon sa Kaniyang orihinal na Salita at plano, sapagkat nararapat na maging masunurin siya, gaya rin naman ng isinasaad ng kautusan. Tunay nga. Kung kaya, hindi niya dapat gawin iyon.

48 Ngayon ay pansinin n'yong muli kung paanong ang natural na nobya ay tumitipo sa Espirituwal. Ang sabi ng Salita, siya raw ang ginawa para sa lalaki at hindi ang lalaki ang ginawa para sa babae. Ngayon ay mangungusap ako kung bakit . . . sa loob lamang ng ilang minuto tungkol sa Nobya ni Cristo, ngunit sinisikap kong ipakita sa inyo ang panglikod na larawan nito.

Ang babae ang nilikha para sa lalaki at hindi ang lalaki para sa babae. Iyan ang dahilan na sa ilalim ng lumang kautusan, ay legal ang higit sa isang asawa. Tingnan n'yo si David na nakaupo roon at limandaan ang kaniyang asawa. At ang sabi ng Biblia ay isa siyang lalaki na ayon sa puso ng Diyos at limandaan ang asawa, at si Solomon naman ay isang libo, ngunit walang kahit sino sa mga babaeng iyon ang inaaaring mag-asawa ng iba.

49 Kunin n 'yo ang teyp ko tungkol sa Kasal at Diborsiyo kung saa'y doon sa tuktok ng bundok dito sa Tucson, kamakailan lamang ay naroroon ako sa itaas at nananalangin ako tungkol dito. Pinauwi nila ang mga bata upang panoorin ang Haliging Apoy na umiikot sa bundok at nag-aanyong imbudo, pabalik-balik, at pataas-pababa. Ang mga taong naririto ay nakaaalam nito — doon at nakita pa nga nila. At ito . . .

nang sabihin Niya sa akin aug Katotohanan tungkol sa mga katanungan tungkol sa Kasal at Diborsiyo. Kung ang isang panig ay paganito, at ang isang panig naman ay paganoon, mayroon at mayroong Katotohanang masusumpungan kung saan. At nang mahayag ang Pitong Tatak na iyon, ipinakita Niya kung ano ang Katotohanan nito.

50 Pansinin n'yo ngayon, hindi siya maaaring mag-asawa nang higit sa isa, sapagkat ang babae ay nilikha para sa lalaki at hindi ang lalaki para sa babae. Lahat ng limandaang babaeng iyon ay pawang asawa ni David. Ito'y isang tipo, na kapag lumuklok na sa trono si Cristo sa Milenyum, ang Nobya niya ay hindi lamang iisang tao, kundi iyon ay magiging sampung libong libulibo — ang nobya, lahat ay isa. At Si David ay maraming asawang mga indibiduwal ngunit . . . lahat sila ay asawa niya. Tulad ng ang buong kalipunan ng mga mananampalataya ay ang Nobya ni Cristo. Sapagkat siya ang babae; Siya naman ang Lalaki.

Ngayon, tayo ay nilikha para kay Cristo; hindi nilikha si Cristo para sa atin. Ito ang pinipilit nating gawin ngayon sa ating mga aklat na babasahin — ang piliting umakma sa atin ang Salita, na siyang si Cristo, sa halip na tayo ang umakma sa Salita. Iyan ang kaibahan.

51 Kapag namili ang isang binata ng isang dalaga mula sa isang pamilya, hindi siya dapat tumingin sa ganda, sapagkat nakadadaya ang ganda, at ang ganda (ang modernong makasanlibutang ganda) ay sa diablo. Oh, may narinig akong nagsabi, "Mag-ingat ka, mangangaral!" Sinasabi ko sa inyo na ang mga bagay na ito rito sa ibabaw ng lupa na tinatawag na maganda ay walang pasubaling sa diablo. Patutunayan ko iyan sa inyo. At kung magkagayon, sa liwanag ng pangungusap na ito, ay saliksikin natin ang banal na Salita ng Diyos para malaman natin kung tama ba ito o mali. Kung ang ilan sa inyong mga kababaihan ay nais magpaganda nang husto, tingnan n'yo kung saan galing iyan.

Sa pasimula makikita natin na napakaganda ni Satanas hanggang sa nagawa niyang dayain ang mga anghel, at Siya ang pinakamagandang anghel sa lahat sa kanila. Nagpapakita iyan na ang ganda ay nasa diablo. Ang sabi ng mga Kawikaan . . . Ang sabi ni Solomon, "Ang kagandahan ay walang kabuluhan." Tama. Maganda ang kasalanan. Talaga. Kaakit-akit ito.

52 Tatanungin ko kayo at may sasabihin ako rito sa inyo, at nais kong pansinin n'yo ito sa loob ng ilang sandali. Sa lahat ng lahi sa buong mundo (sa mga ibon, sa mga hayop) makikita natin na sa lahat ng hayop, lahat maliban sa tao, ang lalaki ang mas maganda at hindi ang babae. Bakit ganoon? Tingnan n'yo ang usa — ang napakaganda at napakalaking lalaking usa sampu ng kaniyang sungay at ang malamolang usang babae. Tingnan n'yo ang inahing manok, ang inahing bulik, at ang malaking tandang na napakaganda ng balahibo.

Walang iba, walang ibang babae, maliban sa babaeng tao ang maaaring maging imoral. Tinatawag n'yong slut ang aso; ang tawag n'yo sa inahing baboy ay sow, ngunit kung moral ang pag-uusapan, mas may moral pa sila kaysa sa kalahati ng mga artistang babae sa pelikula. Hindi sila maaaring maging anupaman kundi moral.

53 At ang babae ang siyang binago para sa panliliko. Tama. Nakikita ba ninyo kung saan siya inakay ng kaniyang kagandahan? Iyan ang dahilan kung bakit ngayon ay paganda nang paganda ang mga babae. Tingnan n'yo si Pearl Bryan. Nakita na ba ninyo ang litrato niya, at siya umano ang pinakamagandang babae sa buong America? Ngayon ay kahit na sinong estudyanteng babae sa eskuwela ay di gasinong higit na maganda kaysa kaniya.

Alam n'yo bang sadyang magkakaganiyan? Alam ba ninyong sinabi ng Biblia na ganiyan talaga ang mangyayari? Alam ba ninyong ang dahilan ng pagkalugmok sa pasimula ay ang babae? At ang pagkalugmok . . . ang wakas ay magkakagayon din — mga kababaihan na nagkakaroon ng kapamahalaan at namumuno sa kalalakihan, at iba pa. Alam n'yo bang nakasaad iyan sa Kasulatan? Alam n'yo bang sa araw na magsuot siya ng damit ng lalaki at gupitan niya ang buhok niya — lahat ng mga bagay na iyon ay taliwas sa Salita ng Diyos. Alam ba ninyong kinakatawan niya ang iglesia? Masdan n'yo kung ano ang ginagawa ng mga babae, at makikita n'yo kung ano ang ginagawa ng mga iglesia. Tama talaga 'yan.

Ngayon, kasing totoo iyan ng Salita ng Diyos.

54 Walang ibang babaeng makapagpapakababa gaya ng babaeng tao. At gayon man, sa pamamagitan niyon, dahil ginawa siyang ha . . . Hindi siya kabilang sa orihinal na paglikha. Lahat ng ibang mga babae ay kabilang sa orihinal na paglikha — ibon, lalaki't babae; hayop, lalaki't babae — ngunit pagdating sa tao, lalaki lang ang nilikha ng Diyos. At hinugot Niya mula sa kaniya — at ang babae ay ikalawang produkto ng lalaki, sapagkat hindi magagawa ng Diyos na magpasimula ng gano'ng bagay. Saliksikin n'yo ang Kasulatan. Tamang-tama ito. Ang Diyos . . . Hindi po. Sa kaniyang orihinal na paglalang ay hindi siya napabilang.

Ngunit kung magagawa niyang ingatan ang sarili niya, higit ang gantimpala niya kaysa sa lalaki! Inilalagay siya sa isang larangan ng pagsubok. Sa pamamagitan niya ay dumating ang kamatayan. Siya

ang dahilan ng lahat ng kamatayan. Ngunit pumihit ang Diyos at gumamit siya ng babae upang muling maghatid ng Buhay — dinala niya ang Anak Niya sa pamamagitan ng isang babae — isang babaeng masunurin. Ngunit ang isang masamang babae ang pinakamalala sa lahat. Wala nang mas bababa pa.

55 Si Cain, ang anak ni Satanas, inakala niyang tinatanggap ng Diyos ang kagandahan. Iyon pa run ang akala niya hanggang ngayon. Si Cain ay anak ni Satanas. "Buweno, ngayon . . ." sasabihin mo. Hindi na tayo tutungo riyan (ang detalye niyan) ngunit hayaan mong ayusin ko ito para sa inyo. Ang sabi ng Biblia ay sa masama siya, kaya't iyon na iyon. Mabuti.

Ngayon anak siya ni Satanas, at inakala niyang pag gumawa siya ng altar at pinaganda niya iyon para sa isang pananambahan, na iyon ang kikilalanin ng Diyos. Ganito pa rin . . . ganito pa rin ang akala nila hanggang ngayon. Tiyak iyon! — "Magpapatayo kami ng malaking gusali; magkakaroon kami ng isang malaking denominasyon; magpapatayo kami ng pinakamagandang gusali at sa amin sisimba ang mga taong pinakamagaganda ang bihis, at nasa amin ang mga pinakaaral na klerigo." Kung minsan sampung milyon ang layo ng Diyos diyan. Tama. Gayunman ay iyon ang iglesia.

56 Kaya't kung pagsamba lang ang kikilalanin ng Diyos, ang katapatan, sakripisyo, magiging singtuwid ni Abel Si Cain. Ngunit kapahayagan ang dahilan kung bakit naunawaan niya na hindi pala mansanas ang kinain ng mga magulang niya.

May sasabihin ako rito na maaaring hindi magandang pakinggan sa isang ministro, ngunit sasabihin ko na rin. Nababalitaan ko na may sinasabing kung anu-ano ang iba kaya ako ay . . . nagbibiro sila. Ngayon, hindi ko sinasadya iyon. Gayunman ay sasabihin ko ito: kung ang pagkain ng mansanas ang naging dahilan ng pagkaalam ng babae na hubad na pala siya, makabubuting ipasa uli natin ang mga mansanas. Patawarin n'yo ako sa pagsasalita ng ganoon. Ngunit para naman mabago . . . Pinatigil ko kayo rito at kanina pa ako nangungusap tungkol sa kababaihan at sa iba pa; nais kong magrelaks naman kayo sandali bilang paghahanda sa susunod na paksa natin.

Ngayon, pansinin n'yo, hindi iyon mga mansanas, Alam natin iyan.

57 Ang iglesia sa mga araw na ito ay masyado nang maraming nagawa, tulad ng iba pang mga nagawa na ng tao; nagiging maka-agham na ito. Nagsisikap silang makapagtayo ng isang maka-agham na iglesia na ang pang-akit ay ang naggagandahang larawan at mga nagtutulisang mga bubungan.

Nakalulungkot na ang mga Pentecostal ay nasadlak na sa kabulukang iyan. Mas mabuti pang ang hawak lang ninyo ay tamburin sa isang kanto pero ang Espiritu ng Diyos ay malapit sa inyo, ngunit nakikipagpaligsahan kayo sa iba dahil naging denominasyon na kayo. Iyan ang dahilan, kita n'yo?

Nagsisikap maging makaagham ang mga iglesia. At alalahanin, habang sumusulong ang tao sa kaunlaran dahil sa agham, pinapatay niya ang sarili niya araw-araw. Nang maimbento niya ang pulbura, tingnan n'yo kung ano ang nagawa nito. Nang maimbento niya ang sasakyang de motor, mas marami ang napatay nito kaysa sa pulbura. Ngayon ay mayroon na siyang hydrogen bomb. Ano naman kaya ang magagawa niya rito? Tama.

58 At ganito rin ang iglesia. Habang nagsisikap itong makagawa ng mga bagay-bagay sa pamamagitan ng agham, sa pamamagitan ng mga makataong pamamaraan, lalo lang kayong nilalayo nito sa Diyos at lalo lang kayong napapalapit sa kamatayan kaysa noong una. Tama. Huwag kayong mamimili ng iglesia nang gaya nang pamimili n'yo ng asawang babae, kita n'yo. Nakamamangha ang nagawa ng agham sa kaniya, ngunit makabubuting layuan iyan ng iglesia. Nakalikha na siya ng pintura, ng pulbos sampu ng lahat ng iba pang bagay. Ang piliin ninyo ay ang paguugali ng Kaniyang Salita.

Ngayon ay paghambingin natin ang natural na nobya sa araw na ito sa nataguriang iglesiang nobya ng araw na ito. Ihambing n'yo ang isang babaeng magpapakasal sa panahong ito — ngayon, tingnan lang ninyo kung ano na ang nagawa ng agham sa kaniya. Una, lalabas siyang putol ang kaniyang buhok — isa sa mga ayos ng buhok ni Jacqueline Kennedy, kita n'yo, o di kaya'y parang gano'n.

At alam ba ninyo kung ano ang sinasabi ng Biblia? Ang totoo, binibigyan ng Biblia ang isang lalaki, kung nanaisin niya, ng karapatan upang idiborsiyo siya kung gagawin niya iyon. Walang galang ang babaeng magpapaputol ng kaniyang buhok. Sinabi iyan ng Biblia. Tama.

Hindi n'yo alam iyon, ha? Oh, siyanga, masyado nang marami ang naipangaral ko sa California para hindi n'yo malaman iyan. Tama 'yan. Hindi. Anong buti ang magagawa niyan sa akin? Ginagawa pa rin nila. Hindi mo maaaring gawing kordero ang isang baboy.

59 Pansinin . . . Kamumuhian n'yo ako pagkatapos nito, ngunit malalaman n'yo naman ang Katotohanan.

Paghambingin natin ito. Heto siya't dumarating punung-puno ng pinta — nagkukunwari — isang modernong nobya. Hilamusan mo siya at magtatatakbo kang palayo sa kaniya, baka mamatay ka sa takot kung tatanggalin mo ang lahat ng pahid niya.

At ganito rin ang iglesia na ang mukha ay pinturado ng teolohikal na "Max Factor." Kapuwa sila may suut-suot na magandang huwad na mukha — kagandahang gawa ng tao at hindi kagandahang gawa ng Diyos. Walang magandang paguugali sa kanilang dalawa. Pansinin n'yo, tulad ni Satanas — sapat lang para makapandaya.

Ihambing n'yo ngayon ang modernong nobya sa kaniya . . . nagsusuot ng shorts, nagme-make-up, nagpapaikli ng buhok, nagsusuot ng damit panlalaki, at nakikinig siya sa pastor na nagsasabi sa kaniya na ayos lang iyon. isa siyang mandaraya. Magdurusa siya dahil diyan doon sa kabilang buhay. Tama. Ginagawa niya iyan para siya makapandaya, upang makapagkunwari siya.

60 Iyan ang paraan ng iglesia. Kukuha siya ng dakilang D.D., Ph.D., L.L.D. para masabi n'yong, "Ang pastor namin ay ganito, ganoon, at iba pa," marahil ay walang kamalayan tungkol sa Diyos na gaya ng isang taga bundok na walang kamuwangan sa isang gabi sa Egipto. Tama. Kung anong pangteolohiyang karanasan lang Iyon doon sa seminaryo, at wala siyang kamuwangan tungkol sa Diyos.

Ang modernong iglesia at ang kanilang pangteolohiyang pinta — ang mga babae nila ay inaahitan ng kanilang kaluwaihatian ng kanilang mga pastor na Ricky. Tulad ng isang Jesabel, kung mayroon man nito — maikli ang buhok, naka-shorts, pintura, at bagay na bagay sa pangteolohiyang panlasa. Ganiyan ang tayo ng iglesia. Tama. Ngunit ang espirituwal niyang pag-uugali ay napakalayo sa pagiging isang babaeng pantahanan na siyang tatanggapin ni Jesus Cristo.

61 Kung magpapakasal ang isang Cristiano sa isang babaeng tulad niyan, nagpapakita lang iyan na nahulog na siya sa biyaya. Ang panlasa niya sa Diyos at ang panlasa niya tungkol sa isang tahanan (kung ano dapat ang isang tahanan) ay napakalayo na kung ang pipiliin niya ay isang babaeng tulad niyan. Hindi po. Tiyak na hindi siya aakma sa panlasa ng isang Cristiano. Ang espirituwal niyang pag-uugali ay naging napakababa na — patay na dahil sa makadenominasyong kagandahan at pita ng sanlibutan

Iyan nga ang katayuan ng iglesia ngayon. Ipinagbili na niya ang kaniyang pag-uugaling kaloob ng Salita kay Satanas dahil lang sa isang makaagham na gawang-taong relihiyon samantalang may karapatan siya bilang Iglesia ng Diyos na manatili sa Salita ng Diyos at hayaang kumilos ang Espiritu Santo sa kalagitnaan niya, hinihinang ang katawan sa Salita at sa pagibig ng Diyos. Sa halip ay ipinagbili niya ang kaniyang pagkapanganay tulad ni Esau at ang pinili niya ay isang denominasyon na papayag sa anumang naisin niyang gawin. Tama. Para lang maging sikat gaya ng ginawa ng ina niya sa Nicea, Roma. Ang Salita ng Diyos. Oh, nakapasok na ito sa daigdig ng mga Pentecostal. Nakalulungkot ito ngunit nakapasok na nga.

62 Pansinin n'yo sandali, ang isang madre sa Simbahang Catolico. Ang babaeng iyon, para siya maging madre at kapag isinuot na niya ang panghuling belong iyon, lubusan na siyang naipagbili sa iglesiang iyon. Siya ay kaluluwa, katawan, espiritu, pag-aari na ng iglesia. Wala na siyang sariling pag-iisip. Hindi na siya maaari pang magkaroon ng sariling pagiisip kapag isinuot na niya ang panghuling belong iyon. Wala na siyang sariling kaisipan; wala na siyang sariling kalooban. Nakikita ba ninyo kung paanong doon sa labas ay ginagawa silang bogus ni Satanas na katulad ng tunay na . . . ang tunay na Iglesia ni Cristo (ang Nobya) ay lubos nang naipagbili sa Kaniya at sa Kaniyang pangakong Salita, hanggang sa ang isip na nakay Cristo ay nasa iyo na rin. Anong laking kaibahan!

At makikita natin ngayon na ang modernong iglesia, ang modernong makamundong iglesia . . . ang modernong makamundong iglesia at gayon din naman ang Espirituwal na Iglesia ay kapuwa nabuntis upang magluwal ng mga anak na lalaki. Isa sa kanila, sa isang makadenominasyong kapanganakan ay magluluwal, isa sa mga araw na ito, sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, na siyang magpapalabas sa sanlibutan ng anticristo sa pamamagitan ng isang denominasyon. Iyan talaga ang Katotohanan. Maaaring hindi ko na makita iyon. Ang paniwala ko'y makikita ko pa. Ngunit kayong mga kabataan, alalahanin n'yo na may isang ministrong nagsabi niyan — na ang kahahantungan niyan ay ang — ang Tatak ng Hayop na Iyon. Kapag nabuo na niya ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia at isinilang na niya ang kaniyang anak na lalaki ang anticristo.

63 Ang isa ay buntis ng Salita ng Diyos at iluluwal niya ang Katawan — ang ganap na Katawan ni Jesus Cristo, na siyang Nobya. Hindi pa tapos ang Katawan ni Cristo. Ilan ba ang nakakaalam niyan? Ang lalaki at babae ay iisa. At si Cristo ay isang Katawan — ang Salita. Ang Nobya ang kabuuan ng Katawang iyon, at kapag nagsama ang dalawa ay muli na namang mabubuo ang isang katawan, gaya ni Adan sa pasimula.

Ang lalaki at ang kaniyang asawang babae ay iisa. Ngayon Siya, ang tunay na Nobya ay lubos nang nagpasakop sa Kaniya na hindi na Siya gumagamit ng sarili Niyang pag-iisip. Anupa't ang pag-iisip Niya ay ang kalooban Niya, at ang kalooban Niya ay ang Kaniyang Salita.

64 Ngayon ay tingnan n'yo ang sinasabing nobyang pinili ng tao, at ihambing n'yo ang Espirituwal sa natural ngayon. Isang modernong Jezabel na nagayuma na ng kaniyang Achab, mga naggagandahang

babaeng “Max Factor” at lahat na. Tingnan n'yo ang iglesia: ganoon din, ngunit isang patutot sa Salita ng buhay na Diyos — naglalakihang denominasyon, naglalakihang mga gusali, naglalakihang salapi, naglalakihang suweldo, lubos nang nagpasakop. Mga lalaking tumatayo sa pulpito at nagsasabing walang masama roon at hinahayaan lang sila sa paggawa nito. Pandaraya talaga, iyon lang.

Tunay na isang bulag na Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea gaya ng nakasaad sa Biblia. Ang sabi, “Ako'y mayaman, ako'y nakaupong tulad sa isang reyna, hindi ako nangangailangan ng anuman; at hindi mo nalalaman na ikaw ay maralita, kahabag-habag, bulag, salat sa yaman, at hubad at hindi mo ito nalalaman!” Kung hindi iyan ang “ITO ANG SABI NG PANGINOON” sa Apocalipsis 3, ay hindi ko nabasa ito. Iyan siya at hindi niya nalalaman.

Isipin n'yo!

65 Kung sasabihan mo ang isang lalaki o babae sa lansangan na nakahubo't-hubad, at sasabihan mo sila na sila'y nakahubad, at ang sasabihin nila sa iyo ay, “Wala kang pakialam!” Aba, may diperensiya marahil ang pagiisip niya; may mali sa pag-iisip nila. At kung nababasa mo ang Salita ng Diyos, kung paano dapat kumilos ang mga tao, at ang Bautismo ng Espiritu Santo na nasa atin ngayon, at ang mga tao ay.— aba, titingnan ka nila na para bang nasisiraan ka ng bait.

Sabihan mo sila na kailangan nilang isilang na muli; kailangan nilang sampalatayanan ang Biblia, ang isasagot nila sa iyo ay,

66 “Iyan ay isang luma nang pabula ng mga Judio, maraming taon na ang nakalipas. Nasa iglesia namin ang daan!” Aba, kahabag-habag, bulag, hubad, at hindi niya ito nalalaman. Ano'ng . . . At sinabi ng Biblia na iyon ang magiging kalagayan nila.

Paano mangyayaring hindi ito makita ng isang tunay na propeta? Hindi ko alam. Pumapasok ito sa ating mga iglesia kahit saan. Tingnan lang ninyo. Isang modernong kalakaran. Ang matandang patutot at ang mga anak niyang babae sa Apocalipsis 17, ay nagbibigay sa mga taong maralita, bulag, kahabag-habag na mga tao ng kaniyang doktrina ng teolohiya, na salungat sa Salita ng Diyos. At nasumpungan nila sa kaniya ang mga kaluluwa ng mga alipin at ng mga lalaki't babae sa lahat ng dako.

Sa halip na hikayatin ang mga tao . . . Binibindika ni Cristo ang Kaniyang Salita na siyang tumatawag ng pansin ng mga tao. Hindi niya tinatawag ang pansin ng mga tao ng mga iglesiang nabibighani sa malalaking denominasyon at malalaking gawain at malalaking bagay, at mga magagandang bagay, bagkus ang Salita ng Diyos ang tatawag ng pansin ng Nobya ni Cristo.

67 Ngayon, pansinin, nakapupukaw ng interes na pansinin kung paanong ang iglesia, sinisikap niyang tawagin ang pansin ng mga tao sa pamamagitan ng magagarang balabal at mga korong nakasuot ng maganda, at mga babaeng maiikli ang buhok, at mga mukhang may pinta, at ang akala nila ay para silang anghel kung magsiawit — samantalang para silang mga demonyo kung magsinungaling, magdamag sa sayawan na parang . . . at balewala sa kanila iyon. At iyan ang dahilan kung bakit ang akala nila ay walang masama roon. Maganda iyon. Ngunit, kita n'yo, iyan ay huwad! Hindi iyan ang Salita ng Diyos.

68 Samantalang natatawag ng tunay na Nobya ang pansin ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad ng Kaniyang Salita.

Ngayon ay pansinin, pansinin natin ngayon si Cristo. Sasabihin mo, “Buweno, ngayon, sandali lang, kumusta naman ang magandang babaeng ito na ipinangungusap mo? Sinabi ng Biblia sa Isaias 53:2, na nang dumating si Jesus ay wala Siyang anumang kagandahang angkin na maaari nating nasain. Tama ba? Walang angking ganda. Kung darating Siyang gaya ng pagdating ni Satanas ngayon na may angking makasanlibutang kagandahan, baka pinagkaguluhan na Siya at tinanggap Siya ng buong mundo gaya nang ginagawa nilang pagtanggap sa iglesia ngayon. Dapat sana'y sinampalatayanan nila Siya at tinanggap nila Siya gaya nang pagtanggap nila kay Satanas ngayon. Tiyak iyon.

Ngunit hindi Siya naparitong taglay ang gayong uri ng kagandahan, bagkus ay lagi Siyang dumarating sa kagandahan ng pag-uugali. Si Cristo ay hindi magandang lalaki, na matangkad at malakas at matipuno. Hindi ganoon ang pinipili ng Diyos.

69 Naalala ko na minsan ay may isang propeta na pumaroon upang pumili ng isang hari, upang gawing hari ang isa sa mga anak ni Jesse upang siyang ipalit sa dating hari — si Saul. Kaya't pinalabas siya ni Jesse at isa siyang matangkad at magandang lalaki, at ang sabi niya, “Bagay na bagay ang putong sa kaniyang ulo.”

At bubuhusan na sana ng propeta ang ulo niya ng langis at ang sabi niya, “Tinanggihan siya ng Diyos.” At tinanggihan Niya ang bawat isa sa kanila hanggang sa dumating ang isang maliit na lalaking hukot ang balikat at batang-bata kung tingnan, at binuhusan niya siya ng langis at ang sabi, “Siya ang pinili ng Diyos.” Kita n'yo, namimili tayo sa pamamagitan ng ating paningin. Ang pinipili Niya ay ang magandang pag-uugali.

Magandang pag-uugali — wala nang gaganda pa sa pag-uugali ni Jesus Cristo. Nabubuhay ito sa Kaniya; naipapamalas Niya. Nakikita nating ito ay tunay. Hindi ang makasanlibutang kagandahan ang umaaakit sa Kaniyang Nobya; kundi ang Kaniyang magandang pag-uugali — ang pag-uugali ng iglesia ang hinahanap ni Jesus; hindi ang naglalakihang mga gusali; o ang naglalakihang denominasyon; o ang maraming miyembro. Ang pangako Niya ay makikipagtagpo Siya sa dalawa o tatlong nagkakatipon, nang may kataimtiman. Diyan nakasandig ang pag-asa ng isang tunay na mananampalataya, sa Salita ng Diyos na nabibindikang Katotohanan — iyon na 'yon.

Mamili kayo sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Hindi ang isang grupong maibigin sa sanlibutan — ayaw nila ro'n. Hindi katakatakang hiwalay na siya sa Kaniya, dahil hindi niya nakuha ang Kapahayagan Niya, at wala lyon sa kaniya. Hindi mahalaga sa kaniya ang kaniyang . . . dahil sa inaasal at sa ginagawa niya, at dahil sa dami ng mga bagay na makasanlibutan na nasa kaniya.

70 Ang hinahanap Niya ay ang kaniyang magandang pag-uugali, ang paguugali ni Cristo.

Ngayon, sandali lang; iyon na 'yon. Pumipili Siya ng isang Nobyang sasalamin sa Kaniyang pag-uugali, at nalilihis ang mga makabagong iglesia ngayon sa programa niya nang milyun-milyong milya, sapagkat itinatanggi nilang ito ang Katotohanan. Kaya paanong magkakagano'n?

Ngayon, nagaabang Siya ng isang araw kung kailan ay mabubuo ang Nobyang ito (Hebreo 13:8) na katulad na katulad ng dati — katulad Niya. Kailangan ay maging iisang laman ito, iisang buto, iisang Espiritu, isa sa lahat ng bagay, tamangtama ang pagkakabuo, at kung magkakagayon, ang dalawa ay magiging isa. Hangga't hindi nagkakaganiyan ang Iglesia, hindi sila isa. Ang pag-uugali Niya (ang Salita para sa kapanahunang ito) ay dapat na mahubog; kailangang mahubog Siyang gaya Niya.

71 Ngayon, bilang pagwawakas ay nais kong sabihin ang dahilan kung bakit sinasabi ko ang mga bagay na ito, at magtatapos na ako. Noong isang gabi, mga alas-tres ng umaga, ay nagising ako. Ngayon, nais kong sagutin ito ng sinuman sa inyo: May sinabi na ba ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi tama? Lagi iyong tama. Kaya tulungan nawa ako ng Dios, alam ng Diyos na totoo 'yan. Walang sinuman sa buong mundo, ang makapagsasabi na sa libu-libong iba't-ibang mga bagay na naipangusap, na mayroon Siyang nawaglit na isa mang Salita.

Lagi iyong nangyayari nang sakdal na sakdal, maging nang nasa Phoenix ako nung isang araw (o mga isang taon na ang nakalilipas ngayon) at sinabi ko sa inyo ang tungkol sa . . . ang mensaheng Anong Oras na Po Ba? at sinabi ko sa inyong may pitong anghel na magkakatipon doon at mabubuksan ang mga Tatak at kung ano ang . . . at nilathala ng Life Magazine ang sulatin tungkol doon, ang malaking ningas ng apoy na iyon na pumailanlang sa himpapawid, tatlumpung milya ang taas, dalawampu't pitong milya ang lawak, at ang sabi nila ay hindi nila matukoy kung ano iyon — hanggang ngayon ay hindi pa rin nila alam.

At may mga taong nakaupo rito sa loob ng gusaling ito sa gabing ito na nakatayo roong kasama ko nang mangyari iyon, tugmangtugma sa pagkakasabi. Sinabi Niya sa akin ang mga bagay na nagaganap, at naganap nga iyon kung paano iyong isinaysay; kung paanong ang bawat isa sa mga Tatak na iyon ay bumukas at naglahad ng mga hiwagang natago sa loob ng mga nagdaang panahon ng mga reformista, at ng iba pa, tugmang-tugma talaga.

72 kung paanong nakatayo ako sa tuktok ng isang burol — may mga tao roon, tatlo o apat sa kanila ang nakatayo rito at kasama natin ngayon; siyanga, higit pa nga. Habang umaakyat ako sa burol na iyon ay sinabi ng Espiritu Santo, “Damputin mo ang batong iyon.” (Nangangaso kami noon.) Ang sabi Niya, “Ibato mo sa hangin, at sabihin mo, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON”

Ibinato ko. Mula roon ay may lumitaw na maliit na hugis-imbudong ipu-ipo. At ang sabi ko, “Sa loob ng dalawampung oras ay makikita ninyo ang kamay ang Diyos.” May mga taong nakaupo nitong kasama natin ngayon.

Kinabukasan, mga alas diyes, ay nakatayo kami roon, ang sabi ko, “Humanda kayo; sumilong kayo roon sa ilalim ng kotse” (may isang beterano roon); ang sabi ko, “May napipintong maganap.” Napakaliwanag ng kalangitan. Mula sa isang malaking burol na bato, ay bigla na lang may umikot na apoy mula sa Langit, napakalakas ng ugong nito, tumama iyon sa dingding ng burol na pagano'n. Nakatayo ako sa pinakaibaba niyon. Hinubad ko ang sumbrero ko, tumingala ako, at tumama iyon sa itaas ko, mga tatlo o apat na piye ang taas mula sa akin, at gumawa iyon ng uka sa kahabaan ng dingding ng burol na pagano'n, at sumabog iyon, at nagbalik iyong paitaas sa himpapawid, at muling umikot at tatlong ulit iyong nagbalik, tinagpas pa nga ang ibabaw ng mga palumpong ng mesquite sa lawak na dalawang daang yarda. Narinig ba ninyo ang mga taong nagsabi ng, “Amen”? Naroon sila nang maganap ito, kita n'yo.

At tatlong ulit iyong sumabog.

73 Nang magsilabas sila sa ilalim ng mga sasakyan at lahat, at nagsibalik sila, ang sabi nila, “Kung tinamaan ka no'n, malamang na isang magrasang lupa na lamang ang makita namin dito.”

Ang sabi ko, "Hindi iyon . . . Siya iyon. Kinausap Niya ako." Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng ipu-ipo, kita n'yo.

At naroroon ang Haligi ng Apoy na nakikita ninyo sa mga litrato, nakatayo roon. At nang pumaitaas iyon, ang sabi nila, "Ano 'yon?"

Ang sabi ko, "Hahampas ang paghatol sa Kanlurang Baybayin." Dalawang araw mula noon, muntik nang lumubog ang Alaska. Kita n'yo, tumama na iyong minsan doon — ang unang buga kung saan ang . . .

Kailangan mong gumawa ng isang bagay para isagisag iyon. Tulad ng isang lalaki na naglagay ng kaunting asin sa isang sisidlan at itinapon iyon sa tubig at nagsabi, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, tumamis nawa ang tubig." At may isa pa, kumuha ng tubig si Jesus at isinalin iyon sa isang banga at ginawa Niya iyong alak. Kailangang may isang bagay na sasagisag dito.

At iyon na nga iyon na humagis sa himpapawid at bumagsak sa lupa — iyon ang nagpasimula ng munting ipu-ipong iyon. Sa loob ng dalawampu't apat na oras ay inuga niyon ang bundok na iyon hanggang sa makalikha iyon ng uka sa paligid nito.

74 Ang kagalang-galang na si Ginoong Blair na nakaupo ngayon diyan, nakatingin sa akin ngayon, naroon siya at pinulot niya ang ilang piraso noon, at iba pa. Naririto si Terry Sothmann at ang mga kasama niya na nakatayo roon, at si Billy Paul, at si Brother . . . marami pa sa mga nakaupo rito ngayon ang naroroon at nakasaksi ng pangyayari nang mauka iyon. Hindi iyan kathang-isip. Iyan ay Katotohanan.

Hindi iyan naganap noong panahon ng Biblia; Iyan ay naganap ngayon, kita n'yo. Ang Diyos ding iyon na laging nagpapakita sa akin ng mga bagay na ito, at natupad ang lahat nang tamang-tama maging sa pinaka-titik nito. Hindi pa nabigo ang mga iyon kahit minsan— ipinagmamalaki ko Siya.

75 Ilang linggo pa lang ang nakararaan ay may dumating sa aking pangitain, at nakatayo ako sa isang mataas na lugar, at umano'y ipakikita sa akin ang parada ng Iglesia. At napansin kong dumarating mula sa aking . . . Nakatayo akong parang paganito, nakaharap ako sa Kanluran, at may dumarating na isang grupo ng mga magagandang babae — magaganda ang mga damit nila, ang mga buhok nilang mahahaba ay nakalugay sa likuran nila, may mga manggas ang damit nila, ang mga palda nila ay hanggang tuhod ang haba, at sabay-sabay silang nagmamartsa, gaya ng, "Sulong na Cristiano, makipagbaka, sa Krus ni Jesucristo ang mangunguna."

At habang dumaraan sila ay, nakatayo ako, at parang may kung ano roon, may kung anong Espiritu — ang Diyos, at ang sabi Niya, "Hayun ang Nobya." At tumingin ako at napakaligaya ng puso ko. At lumakad siya sa gawing ito at dumaan siya sa likuran ko.

Makaraan ang ilang sandali nang magbalik Siya sa gawing ito, ay may nagsabi, "Ngayon, ang makabagong iglesia ay ipaparada na." At dumating ang grupo ng iglesia ng Asia. Noon lang ako nakakita ng ganoon karuming kalipunan ng mga babae! Nagsidating din ang iba pang mga iglesiang nagmula sa iba't-ibang bansa. Nakapangingilabot ang hitsura nila!

76 At sinasabi ko ito sapagkat katungkulan kong sabihin sa inyo ang Katotohanan sa harap ng Diyos. At nang sabihin Niya, "Paparating na ang iglesia ng America upang sila naman ang maipakita," at kung nakakita na ako ng isang bungkos ng mga diablo ay iyon na iyon.

Ang mga babaeng iyon ay hubo't hubad na may hawak na isang bagay na kulay abo na kakulay ng balat ng elepante, at ipinangtatakip nila iyon sa kanilang harapan at wala silang anumang saplot sa itaas, at umiindak sila tulad ng usong sayaw ng mga kabataan ngayon — yun bang twist, at ang ganoon ang naririnig kong tugtog. At nang makita kong dumarating ang Miss U.S.A. muntik na akong himatayin.

Ngayon, ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. Kung naniniwala kayong lingkod Niya ako, paniwalaan n'yo ako ngayon. Hindi ko sasabihin iyan nang walang dahilan; walang sapat na halaga ng salapi sa mundo ang maaaring ibayad sa akin upang sabihin ko ito, kung hindi ito totoo.

At nang dumaan siya, iyon na ang pinakamaruming bagay na nakita ko. Sa loob-loob ko, "Diyos, ginawa naming mga mangangaral ang lahat at nagpapagal ang mga kapatirang lalaki upang makapaghanda kami ng isang Nobya para sa Iyo, at iyan ba ang naging bunga namin!"

Kumekembot siya, hawak-hawak ang bagay na iyon sa kaniyang harapan na para bang paldang pang "hula", hawakhawak niya iyon sa harapan ng kaniyang maselang bahagi parang ganito, nagsasayawan at nagkekembutan gaya ng ginagawa ng mga kabataan sa kanilang mga palabas na bulgar — kumikembot. Iyon ang Miss Christianity ng America.

77 Kaya't tulungan nawa ako, sa tulong ng Diyos, ganoon ang hitsura niyon sa Kaniyang harapan. Ako'y talagang . . . Muntik na akong mahimatay.

Naisip ko ang lahat ng mga pagsisikap, at mga pangangaral, at panghihikayat — lahat sila'y maiikli ang buhok, at kumekembot sila at nagwawala, hawakhawak iyon sa harapan nila. Dumaan sila habang nakatayo ako roon sa tabi ng Sobrenatural na Personang iyon. Hindi ko Siya makita. Naririnig ko Siya habang kinakausap Niya ako. Katabi ko Siya. Ngunit nang lumiko sila sa gawing Ito, hawak . . . nagkekembutan at naghahalakhakan at nagpapatuloy sila, nagwawala sila, hawak-hawak nila iyon sa harapan nila.

Ngayon, nakatayo ako sa Presensiya Niya, at lingkod Niya ako, at sa kabila ng lahat ng pagsisikap ko, ay iyon lang ang naging bunga ng pagpapagal ko. Sa loob-loob ko, "Diyos, anong buti ang nagawa nito sa akin? Anong buti ang nagawa nito? Lahat ng pagtangis at pakikiusap, at panghihikayat, sampu ng lahat ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan at mga himalang ipinakita Mo. At kung paanong tatayo ako roon at uuwi ako at iiyak pagkatapos kong mangaral sa kanila, at lahat, at anong buti ang nagawa nito sa akin? At pagkatapos ay iyon ang kailangan kong iprisinta sa Iyo bilang Nobya Mo."

78 At habang nakatayo ako roon at nagmamasid, nagdaan siya, at para n'yo nang nakikita — ang likuran niya ay walang kasaplut-saplot, hawakhawak niya ang bagay na iyon sa harapan niya habang paindak siyang naglalakad sa saliw ng tugtuging iyon, itinataas ang mga bisig niya sa kaniyang . . . Oh, napakahalay ng kilos niya — umaalog ang katawan niyang gano'n!

Sasabihin n'yo, "Ano'ng ibig sabihin no'n, Brother Branham? Hindi ko alam. Sinasabi ko lang sa inyo kung ano ang nakita ko.

At nang dumaan siya ay tiningnan ko siya, at, oh, talagang mahihimatay na ako. At tumalikod na lang ako, naisip ko, "Diyos, kung gayon ay nahatulan na ako. Hindi ko na kailangan pang sumubok ng anumang . . . Makabubuting tumigil na lang ako."

At Si Ginang Carl Williams, kung naririto ka, at ang panaginip na ikinuwento mo sa akin kanina na napanaginipan mo nung isang gabi, na gumagambala sa iyo, iyon na iyon. Inagaw sa akin ang manibela.

79 Pagkatapos, naisip ko na makabubuting kalimutan ko na lang; wala na. At bigla na lamang, narinig ko silang muling dumarating. At mula sa gawing ito ay dumating ang Nobya ring iyon na dumaan sa gawing ito. Heto na naman ang mga babaeng iyon, at ang bawat isa sa kanila ay nakabihis ng kanilang pambansang kasuotan ng bansang pinagmulan nila — gaya ng Switzerland, Germany at iba pa — bawat isa sa kanila ay nakasuot ng gano'n, mahahaba ang buhok nilang lahat, katulad na katulad ng unang dumaan. At doon ay paparating sila, naglalakad — "Sulong na Cristiano, makipagbaka.. ."

At nang makaraan na sila, at tumayo sila sa kinatatayuan namin, bigla na lamang, lahat ng mga mata ay napatingin doon, at pumihit sila at nagpatuloy sa pagmamartsa. At nang paakyat na sila sa kalangitan, ang isa namang iyon ay napunta sa bingit ng burol at bumabang paganoon. Ang mga iyon naman ay nagsimulang magmartsang paakyat sa kalangitan.

At nang nagmamartsa na sila ay napansin ko ang dalawang kababaihan sa hulihan (parang taga ibang bansa ang mga babaeng iyon, parang Sweden, o Switzerland, o kung saan,) nagsimula silang magpalinga-linga sa paligid at sila'y . . . Ang sabi ko, "HUWAG N'YONG GAGAWIN IYAN!!' Huwag kayong lilihis ng hakbang!" At habang sumisigaw ako ng ganoon ay nawala ang pangitain, nakatayo ako roong nakaunat ang mga kamay kong gano'n. Sa loob-loob ko, "Buweno . . ."

80 Iyan ang dahilan kung bakit sinabi ko kung ano ang sinabi ko ngayong gabi. Nais ko kayong tanungin: Higit na bang huli kaysa sa inaakala natin? Natawag na kaya Siya at nahirang na — natatakan na? Walang lalabis isa man, alam n'yo. Posible kaya? Ay siyanga. Ay siyanga.

Naaalala ba ninyo kung ano ang sinabi ko nung isang araw sa agahan? Sa paglalahi ng lalaki't babae, isang milyong punlang-binhi ang lumalabas, isang milyong itlog ang lumalabas, ngunit isa lang sa kanila ang mabubuhay bagama't magkakatulad ang bawat isa sa kanila — isa sa isang milyon. Bawat isa sa kanila ay magkakatulad at magkakatulad din ang punlang-binhi. Isa lang sa kanila ang mabubuhay at lahat ng iba pa sa kanila ay mangamamatay. Walang makapagsasabi kung alin ang hinog na itlog at kung ano ang tungkol dito. Ang Diyos ang magpapasiya nito. Hindi ang unang magtatagpo, kundi ang unang pipiliin ng Diyos. Marahil ay may isang darating dito at may isang . . . Kung mapapansin ninyo sa test tube 'pag nakita mo silang nagpapanagpo. Napanood ko na iyon. Ang Diyos ang namimili. Magkakatulad ang bawat isa sa kanila — ngunit sa paghirang nagkakatalo. Ang natural na kapanganakan ay sa pamamagitan ng paghirang. Kumukuha ang Diyos ng isa sa isang milyon.

81 Nang iwan ng Israel ang Egipto at patungo na sila sa lupang pangako, humigit kumulang ay dalawang milyong katao sila. Bawat isa sa kanila ay nasa ilalim ng ilsang haing kordero, kung hindi ay hindi sila mabubuhay. Bawat isa sa kanila ay nakinig kay Moises na propeta. Bawat isa sa kanila ay nabautismuhan sa Kaniya doon sa Dagat na Pula. Bawat isa sa kanila ay nagsisayaw — ang mga babae kasama ni Miriam sa kahabaan ng dalampasigan nang ipahamak ng Diyos ang kaaway. Bawat isa sa kanila ay tumayong kasama ni Moises at narinig nila siyang umaawit sa Espiritu. Bawat isa sa kanila ay kumain ng manna sa

Ilang na nahulog mula sa langit — sariwang manna gabi-gabi, na katipo ng Mensahe. Bawat isa sa kanila ay nagsikain nito. Ngunit sa dalawang milyong katao na iyon, ilan ba ang nakarating? Dalawa. Isa sa isang milyon!

Humigit kumulang ay mayroong limandaang milyong Cristiano sa buong mundo sa gabing ito kung ibibilang ang mga Catolico at ang lahat. Limandaang naturingang mananampalataya sa buong mundo. Kung magaganap ang Pag-agaw ngayon, ibig sabihin, kung isa lang sa isang milyon ang sasama (hindi ko sinasabing gano'n nga, ngunit sakaling gano'n nga), limandaang tao sa susunod na dalawampu't apat na oras ang mawawala. Ni hindi n'yo ito mababalitaan. Ngayon nga ay ganiyan karaming tao ang nawawala na hindi malaman kung ano ang nangyari sa kanila.

82 Kung gayon maaaring . . . mangyari ito sa atin mga kaibigan, gaya ng nangyari nang maparito si Juan Bautista.

Maging ang mga alagad ay nagsabi, "Bakit sinabi ng Kasulatan, bakit sinabi ng mga apostol o ng mga propeta, bakit ang sabi ay paririto muna si Elias upang isauli ang lahat ng bagay?"

Ang sabi Niya, "Sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at hindi n'yo namalayan." Isa sa mga araw na ito baka maiwan tayong nakaupo rito. "Hindi ba't Pag-agaw muna bago sumapit ang dakilang kapighatian?" "Nangyari na iyon at hindi n'yo namalayan."

83 Ang buong katawan ay nasa loob na't natatakan na — sumasabay na lamang sa paghakbang. Hindi ko sinasabing ganito na nga; sana naman ay hindi pa.

Ngunit kaibigan, kapag hinayaan na nating . . . Kung mayroon tayong nadarama sa puso natin na kailangan nating ituwid ang buhay natin, pati na ang mga bagay na nagawa natin, hayaan mong payuhan kita bilang kapatid mong ministro . . . at sasabihin ko ito sa unang pagkakataon sa likod ng pulpito. Pinalawak ko ito nang husto ngayong gabi nang higit kaysa alin mang bagay kailan man sa harap ng publiko, sapagkat naging malayang-malaya ako sa mga gawaing ito. Kung pinaniniwalaan n'yo ako bilang propeta ng Diyos, pakinggan n'yo ang sinabi ko sa inyo. Kung mayroon kang kahit kaunting nadarama sa puso mo, lumapit ka sa Diyos ngayon din. Gawin mo na.

84 Tumigil ka sandali, lalaki. Tingnan n'yo ang mga kredong pinaglilingkuran n'yo. Tingnan n'yo ang inyong mga iglesia. Nakaayon ba talaga ito sa Salita ng Diyos? Natugon mo na ba ang bawat kuwalipikasyon? Sasabihin mo, "Mabuting tao naman ako, ah." Si Nicodemo rin, sampu ng iba pa sa kanila. Mga mabubuti sila . . . Kita n'yo, wala iyang kinalaman dito.

At, babae, nais kong humarap ka sa salamin, at tingnan mo kung ano ang ipinagagawa ng Diyos sa isang babae, at tingnan mo sa salamin ng Diyos — hindi sa salamin ng inyong mga iglesia, sa salamin ng Diyos at suriin n'yo kung papasa kayo sa uri ng buhay ninyo bilang Espirituwal na Nobya ni Jesus Cristo.

Mga ministro, pag-isipan n'yo rin ito. Umiiwas ba kayong makasakit ng damdamin ng iba? Gagawin kaya ninyo ito kung hindi . . . kung alam ninyong itataboy nila kayo sa iglesia? Kung ganiyan ang pakiramdaman mo, mahal kong kapatid, hayaan mong balaan kita sa Pangalan ni Jesus Cristo, layuan mo iyan ngayon din. At binibini, kung hindi ka papasa sa kuwalipikasyon ng isang Cristiano, hindi bilang isang nominal na Cristiano, bagkus ang puso mo at ang buhay mo ay totoong nakasunod sa padron gaya ng nakasaad sa kasamiento ng Diyos na dapat mangyari. At ikaw na miyembro ng iglesia, kung ang iyong iglesia ay hindi makaabot sa kuwalipikasyon ng Diyos sa Kaniyang Salita, lumabas ka riyan, at pumasok ka kay Cristo.

85 Iyan ay isang taimtim na babala. Hindi natin alam kung anong oras. At hindi n'yo alam kung kailan mangyayari na ang lungsod na ito isang araw ay lulubog doon sa ilalim ng karagatan.

"O, Capernaum," ang sabi ni Jesus, "ikaw na naitaas sa Langit ay ibabagsak sa impiyerno . . . sapagkat kung ang mga dakilang gawang nakita n'yo ay ginawa sa Sodoma at Gomorra, dapat sana'y nakatayo pa rin ito hanggang sa araw na ito." At ang Sodoma at Gomorra ay nakalubog na ngayon sa ilalim ng Dagat na Patay, at ang Capernaum ay nasa ilalim na ng dagat.

Ikaw na lungsod na nagsasabing lungsod ka ng mga Anghel, at itinaas mo ang sarili mo sa Langit at pinakalat mo ang lahat ng marurumi at mahahalay na bagay ng mga usong kasuotan at mga bagay-bagay, hanggang sa maging ang mga taga-ibang bansa ay dumadayo rito upang pulutin ang karumihan natin at ikinakalat nila iyon, kasama ng mga naggagandahan ninyong mga simbahan at ang mga matutulis na mga bubungan, at iba pa, gaya ng ginagawa n'yo ngayon — alalahanin n'yo, balang araw ay lulubog ka sa ilalim ng dagat na ito!

Uka na ang ilalim n'yo, ngayon pa lang. Ang galit ng Diyos ay sumusubo na sa ilalim n'yo. Kung gaano pa katagal hahawakan ng Diyos ang buhanging harang na sumasalo noon, kapag ang dagat na iyon na isang milya ang lalim, lulubog iyon doon hanggang umabot iyon sa Salton Sea. Mas malala pa ang mangyayari kaysa sa mga huling araw ng Pompeii.

MAGSISI KA, LOS ANGELES! MAGSISI ANG IBA PA SA INYO AT MAGBALIK-LOOB SA DIYOS! ANG ORAS NG GALIT NG DIYOS AY DARATING NA SA LUPA. LUMIKAS NA KAYO HABANG MAY PANAHON PA AT LUMAPIT KAYO KAY CRISTO."

Manalangin tayo.

86 Mahal na Diyos, habang nangangatal ang aking diwa, lumuluha ang aking puso ng luha ng pagbababala, itulot mo po, oh Diyos, na huwag gawing biro ng mga lalaki't babae ang sinabi ko, at huwag nawang isipin ng mga taong kasapi ng iglesia na ito'y isang bagay na nagpapababa o laban sa kanila. Makita nawa nila, Panginoon, na ito'y gawa ng diwa ng pag-ibig. Ikaw ang saksi ko, Diyos na makapangyarihan sa lahat, na nagpabalik-babik ako sa baybaying ito, taun-taon, ipinahahayag ang Iyong Salita. Saksihan Mo ako, oh, Diyos, kung sakaling maganap ito ngayong gabi, na Katotohanan ang sinabi ko. Ginamit ko ang Pangalan Mo, Panginoon, at sinabi kong ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON, at nadarama kong may kamalayan ako, Panginoon kung ano ang ginagawa ko.

Kaya't sumasamo ako sa Iyo, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus, hayaan mong yugyugin ng mga tao ang sarili nila ngayon, at tumakas sila sa galit na darating, sapagkat nakasulat na ang Ichabod sa mga pintuan at sa buong bansa. Mayroon nang nakasulat ditong itim na marka, napighati na ang Espiritu ng Diyos at tuloy ay bumayo na, at tinimbang sila sa timbangan at nasumpungang kulang.

Ang piging ni Haring Nobucodonosor ay muli na namang naulit, may mga nag-iinuman at mga babaeng halos ay hubad na at umano'y mga Cnistiano raw sila.

87 Oh Diyos ng Langit, mahabag Ka sa makasalanang sanlibutang ito at sa makasalanang bayang ito, Panginoon, dahil ganito kami ngayong gabi.

Diyos, sinisikap kong tumayo sa pagitan at manghingi ng Banal na awa upang mangusap Ka sa karamihang ito sa gabing ito at tawagin ang pansin ng Iyong Nobya, Panginoon upang sila'y magmartsa hindi sa saliw ng kung anong kredo, kundi sa saliw ng Ebanghelyo ng Panginoong Jesus Cristo. Itulot Mo po ito, oh Diyos.

Hayaan Mong maipabatid sa gabing ito na Ikaw ay Diyos, at ang Salita Mo ay Katotohanan. Habang buong kataimtiman, sa harap ng mga taong ito, tinatawag namin ang pansin nila sa Iyong Salita.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, idinadalangin ko sila sa Iyo, Panginoon. Nakita Ka nila nang walang anumang bahid ng pagdududa habang kumikilos Ka sa karamihan at sinasabi Mo sa kanila ang laman ng kanilang puso. At nalalaman Mo, Panginoon, sa oras ding Ito kung ano ang nangyayari. Nalalaman Mong iyan ay Katotohanan, oh Diyos.

At sumasamo ako sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus, hayaan Mong muling mamagitan ang Espiritu Santo, Panginoon at hatakin Mo po ang mga tagapakinig na ito, Panginoon, yaong mga nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Itulot Mo po ito, oh Diyos, dalangin ko ito nang taos sa aking puso.

Ang mga taong ito, sa natural, Panginoon, handa nilang ipagkaloob sa akin ang kahuli-hulihang sentimo nila upang suportahan ang Mensahe. Gagawin nila ang makakaya nila, ngunit, oh Diyos, pagdating sa pagsunod dito at pagdulog dito, dalangin ko, Diyos, na ito na sana ang gabi kung kailan ay gagantimpalaan Mo sila at ibubuhos Mo ang Iyong Banal na Espiritu sa kumbensiyong ito.

At nawa ay walang mangyaring biruan, o lundagan, bagkus ay pagtangis at pag-iyak at pagsisisi, pagkapit sa mga sungay ng altar habang nakikita namin ang kahatulan na umuugong sa ilalim namin sa gabing ito! Itulot Mo po ito, Diyos, idinadalangin ko ito nang buong katapatan, sa Ngalan ni Jesus Cristo.

88 Kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, hindi ko na alam kung ano pa ang maaari kong sabihin. Kung nakasumpong ako ng biyaya sa inyong paningin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos; kung naniniwala kayong ako'y Kaniyang propeta . . . ito ang unang pagkakataon na sinabi ko iyan sa publiko, ngunit may nadarama akong kakaibang uri ng babala. Hindi ko ito karaniwang ginagawa. Alam ninyong hindi ako ganito. Hindi ako ganito kung kumilos.

Nag-isip muna akong maigi bago ko ipinangusap ang Mensaheng ito at sabihin ang mga bagay na iyon. Lahat na ay ginawa ko para makaiwas ako sa pangangaral nito, datapuwat naipangusap ko na ito at tatayo ito sa araw ng paghatol bilang saksi na ang ipinangusap ko ay Katotohanan. Iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOONG DIYOS.

Oh, Pentecost, tumakas kayo at iligtas n'yo ang buhay n'yo! Magmadali kayong tumungo sa mga sungay ng altar at tumangis na kayo bago pa mahuli ang lahat, sapagkat darating ang oras kung kailan ay tatangis ka at wala na itong magagawang mabuti sa iyo. Sapagkat sinikap hanapin ni Esau ang lugar ng kaniyang pagkapanganay, at hindi niya iyon nasumpungan.

Itinatagubilin ko kayo, oh California, oh Full Gospel Businessmen, na aking iniibig, na aking iniwan at pinagmalasakitan nang taos sa aking puso, itinatagubilin ko kayo kay Jesus Cristo sa gabing ito. Tumakas

kayo at tumakbo kayo sa Kaniya! Huwag n'yong hahayaan ang diablo na palamigin kayo tungkol dito. Manatili kayo rito hanggang sa ang bawat isa sa inyo ay mapuspos ng Espiritu Santo hanggang sa magawa kayo Nitong palapitin sa Salitang ito, upang magsitino ang mga kababaihan, upang magsitino ang mga kalalakihan. Kung sasabihin ninyong nasa inyo ang Espiritu Santo pero hindi naman kayo makasunod sa Salita, may ibang espiritung nariyan sa inyo. Ang Espiritu ng Diyos ay nasa Salita Niya. Ang Mesias — ang pinahirang Salita. Dapat ang Nobya ay maging isang "Messiahette" — ang pinahirang Salita.

89 Magsitayo tayo ngayon sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Kung sakaling hindi na ninyo muling marinig ang tinig ko . . . Kung loloobin ng Diyos ay maglalayag ako patungong Africa sa loob lamang ng ilang oras; maaaring hindi na ako makabalik. Hindi ko alam. Ngunit sinasabi ko sa inyo nang taos sa aking puso. Katotohanan ang sinabi ko sa inyo. Hindi ko ipinagkait na sabihin sa inyo ang lahat ng bagay na ipinasasabi sa akin ng Diyos at sinabi ko iyon sa Pangalan ng Panginoon. Napakataimtim ng panahong ito. Hindi ko alam kung paano ko itong ipahahayag. Sinubukan kong iwan ang pulpito, tatlo o apat na pagkakataon, at hindi ko magawa. Ito'y isang taimtim na oras. Huwag na huwag ninyong kalilimutan Ito!

Ito na ang oras kung kailan ang Diyos, marahil ay tumatawag sa huling pagkakataon. Hindi ko . . . Mananawagan Siya sa huling pagkakataon pagdating ng araw. Kailan? Hindi ko alam. Ngunit sinasabi ko sa inyo, ayon sa pangitaing iyon, tila halos ganap na ang Nobyang iyon!

Tingnan n'yo ang mga iglesiang nominal na nagsisipasok ngayon. Nang dumating ang dalagang natutulog upang kumuha ng langis, hindi siya nakakuha nito. Pumasok na ang Nobya. Naganap ang Pag-agaw. Habang nasa labas sila't bumibili ng langis, siya namang dating ng Nobyo.

Natutulog ba kayo? Gumising na kayo, magmadali, matauhan na kayo, at manalangin tayong lahat na para bang mamamatay na tayo sasandaling ito, sa Pangalan ng Panginoon. Manalangin tayong lahat ayon sa sarili nating pamamaraan.

90 Diyos na Makapangyarihan sa lahat, mahabag Ka sa amin, Panginoon. Mahabag Ka sa akin. Mahabag Ka sa aming lahat. Ano'ng magagawang buti nito, kahit ano pa ang gawin namin, kung mabibigo kami sa mga bagay na ito. Nakatayo ako rito at nanghihingi ng habag, oh Diyos, bago pa lumubog sa dagat ang dakilang lungsod na ito at bago pa humampas ang mga kahatulan ng Diyos sa dalampasigang Ito, dalangin ko, Diyos, na tawagin Mo na ang Iyong Nobya. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo ngayon sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7

www.messagehub.info